

# Patnubay ng Maliliit na Negosyo

*sa Provincial Sales Tax (PST)*



BRITISH  
COLUMBIA

The Best Place on Earth

## OKTUBRE 2008

*Maraming salamat sa paggamit ng patnubay na ito para sa inyong negosyo.*

*Kabit kayo ay naghabandang magsimula o nagpapatakbo na ng isang negosyo sa British Columbia, ang patnubay na ito ay makatutulong sa inyo upang maintindihan ang inyong mga katungkulan at mga karapatan sa ilalim ng batas ng buwis sa British Columbia – mangyaring panatilihin itong laging handa para magamit ninyo.*

*Ang impormasyon na napapaloob sa gabay na ito ang umiiral sa kasalukuyan ayon sa petsa sa itaas. Upang makakuha ng pinakahuli o 'updated' na kopya ng gabay na ito, o kumuha ng suskrisyon sa e-mail ng mga pinakahuli o mga 'updates' ng gabay na ito, mangyaring bumisita sa [www.sbr.gov.bc.ca](http://www.sbr.gov.bc.ca) o tumawag sa 1 877 388-4440.*

*Sa kabuuan ng British Columbia, mahigit 370,000 na mga negosyo katulad ng sa inyo ang tumutulong na isulong ang ating ekonomiya at maipasok ang kuwalta na nagpo-pondo sa mga mahahalagang pampublikong serbisyo na inihatid sa ating mga ospital, paaralan at mga komunidad – ang pundasyon ng pagiging kanais-nais ng British Columbia bilang isang lugar upang tirahan, magtrabaho at mamuhunan.*



### PAGKAMAKATARUNGAN SA NAGBABAYAD NG BUWIS AT ALITUNTUNIN SA PAGESERBISYO (TAXPAYER FAIRNESS AND SERVICE CODE)

Sa Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue) kami ay nangangako na magbibigay sa inyo ng posibleng pinakamahasay na kalidad ng serbisyo sa mga kliyente. Ang **Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)** ay nagpapaliwanag sa pagkamakatarungan at mga alituntunin sa pagseserbisyo na aming sinusunod sa pakikitungo sa inyo. Ang layunin ng 'code' na ito ay:

- > masigurado na kayo ay may kamalayan sa inyong mga karapatan sa inyong mga pagkikitungo sa ministri at mga kawani nito,
- > isaad ang mga pamantayan at ang mga asal na inyong maaasahan sa mga kawani ng ministri, at
- > palakasin ang aming relasyon sa inyo – isang relasyon na nakabatay sa paggalang sa isat-isa, pagkamakatarungan at kooperasyon; isang pagsasamahan ng sama-samang pagtatrabaho.

**Ang kopya ng alituntunin o 'code' ay makukuha sa mga lokasyon ng ministri at online sa [www.sbr.gov.bc.ca/msbr/tfsc/tfsc.htm](http://www.sbr.gov.bc.ca/msbr/tfsc/tfsc.htm), o sa pagtawag sa Taxpayer Services Information Line sa 1 877 388-4440.**

*Ang patnubay na ito ay ipinagkakaloob bilang tulong upang maunawaan ang batas. Dapat isaalang-alang ang mga may-kaugnayang probisyon ng batas mismo, hanggang at kapag ang mga ito ay nababagay sa inyong kalagayan. Bagama't ang impormasyon sa patnubay na ito ay walang puwersa ng batas, pangkalahatan, ang mga patnubay ay maaaring maasahan na maipaliwanag kung paano pinatutupad ng ministri ang mga umiiral na probisyon sa pagbabayad ng buwis sa panahon ng pagkalathala. Datapwat, kung mayroon di pagkakasundo sa pagitan ng batas at ng patnubay, ang batas ang masusunod.*

*Kung may katanungan kayo, mangyari lamang na tumawag sa Taxpayer Services sa 604-660-4524 o walang bayad (toll free) sa 1-877-388-4440 o sa pamamagitan ng email sa [CTBTaxQuestions@gov.bc.ca](mailto:CTBTaxQuestions@gov.bc.ca).*

# Mga Nilalaman

|  |           |
|--|-----------|
| <b>TUNGKOL SA PATNUBAY NA ITO . . . . .</b>  | <b>1</b>  |
| Sino ang dapat magbasa ng patnubay na ito? . . . . .   | 1         |
| <b>MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN . . . . .</b>   | <b>1</b>  |
| Linya ng impormasyon sa mga serbisyo sa nagbabayad<br>ng buwis . . . . .   | 1         |
| Sumulat o bumisita nang personal sa amin . . . . .   | 1         |
| Mga serbisyong online . . . . .  | 1         |
| Serbisyong automatik na “update” . . . . .   | 1         |
| <b>Mga kahatulan sa pagbubuwis – tanggapin nang nakasulat . . . . .</b>  | <b>2</b>  |
| Mga seminar sa buwis . . . . .   | 2         |
| Iba pang mga programa at serbisyo . . . . .  | 2         |
| <b>ANO ANG PST? . . . . .</b>  | <b>2</b>  |
| <b>ANO ANG MAAARING PATAWAN NG BUWIS? . . . . .</b>  | <b>2</b>  |
| Pangkalahatang paninda. . . . .  | 2         |
| Mga serbisyong may buwis. . . . .  | 3         |
| Mga serbisyong pang-legal, karapatang mag-parada at mga<br>serbisyong pang-telekomunikasyon . . . . .                      | 3         |
| <b>IBA PANG MGA BUWIS AT PATAW . . . . .</b>   | <b>4</b>  |
| Buwis sa renta ng pampasaherong sasakyan . . . . .   | 4         |
| Mga pangkapaligirang pataw . . . . .   | 4         |
| <b>ALIN ANG HINDI PINAPATAWAN NG BUWIS? . . . . .</b>  | <b>4</b>  |
| Mga panindang may iksemsiyon. . . . .  | 4         |
| Mga serbisyong may iksemsiyon sa buwis . . . . .   | 5         |
| Mga karaniwang iksemsiyon . . . . .  | 5         |
| Mga pag-aaring lupa at mga nakakabit dito . . . . .  | 7         |
| <b>ANG PAGREHISTRO NG PST . . . . .</b>  | <b>8</b>  |
| Kailangan ba na magparehistro ako bilang tindero? . . . . .  | 8         |
| Sino ang hindi kailangan na magparehistro? . . . . .   | 8         |
| Kailangan ba na magparehistro ako kung maliit lang ang<br>mga benta ko? . . . . .  | 8         |
| Ano ang mga benepisyo na makukuha ko sa pagpaparehistro at<br>pangungolekta ng PST? . . . . .                              | 9         |
| Paano ako magpaparehistro bilang tindero? . . . . .  | 9         |
| Anong impormasyon ang kailangan ko upang magparehistro? . . . . .  | 9         |
| Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-aplay? . . . . .  | 10        |
| Paano ko mababago o maisasara ang aking naparehistrong ‘account’? . . . . .  | 10        |
| Paano kung ako ay bumili o nagbenta ng isang negosyo? . . . . .  | 11        |
| <b>MGA HINIHINGI PARA SA MGA NEGOSYONG HINDI REHISTRADO . . . . .</b>  | <b>11</b> |
| Pangungolekta at pagpapadala o pagre-remit ng buwis . . . . .  | 11        |
| <b>PAGBABAYAD NG PST . . . . .</b>   | <b>12</b> |
| Anu-anong paninda at mga serbisyo ang dapat bayaran ko ng PST? . . . . .   | 12        |
| Mayroon bang ‘input tax credits’ sa PST, katulad ng sa GST, para sa mga<br>panindang ginagamit ng isang negosyo? . . . . . | 13        |

|   |           |
|---|-----------|
| <b>PANININGIL AT PANGUNGOLEKTA NG PST . . . . .</b>   | <b>13</b> |
| Ano ang PST 'rate'? . . . . .   | 13        |
| Kailan ako dapat maningil ng PST? . . . . .   | 13        |
| Kailangan ba na maningil ako ng PST sa pampederal na buwis sa mga paninda at serbisyo (GST)? . . . . .                    | 14        |
| Kailangan ba na maningil ako ng PST sa mga benta sa hindi residente o mga kostumer na taga-labas-ng probinsiya? . . . . . | 14        |
| Kailangan ba na maningil ako ng PST sa mga benta sa gobyerno ng Canada at British Columbia? . . . . .                     | 15        |
| <b>PAG-UULAT AT PAGPAPADALA O PAGRE-REMIT NG PST. . . . .</b>   | <b>15</b> |
| Gaano kadalas ako makatatanggap ng mga pormularyo ng 'tax return'? . . . . .  | 15        |
| Kailan ko matatanggap ang aking pormularyo ng 'tax return'? . . . . .   | 15        |
| Paano ko kukumpletuhin ang aking 'tax return'? . . . . .  | 15        |
| Paano ko kukuwentahin ang aking komisyon? . . . . .   | 15        |
| Paano kung wala akong benta o PST na dapat iulat? . . . . .   | 16        |
| Kailan dapat isumite ang aking 'tax return'? . . . . .  | 16        |
| Paano kung ako ay nahuli sa pag-file ng aking 'tax return'? . . . . .   | 16        |
| Paano kung hindi ko natanggap ang aking 'tax return' sa tamang oras? . . . . .  | 17        |
| Saan ako dapat magfile ng aking 'tax return'? . . . . .   | 17        |
| <b>MGA BALIK-BAYAD . . . . .</b>  | <b>17</b> |
| Maaari ba akong mag-claim ng 'refund' sa PST? . . . . .   | 17        |
| Maaari ba akong magbalik ng PST sa aking nga kostumer? . . . . .  | 18        |
| <b>MGA LIBRO AT MGA REKORD . . . . .</b>  | <b>19</b> |
| Anu-anong mga rekord ang dapat na ingatan ko? . . . . .   | 19        |
| Gaano katagal ko dapat ingatan ang aking mga rekord? . . . . .  | 19        |
| <b>MGA PAGSUSURI . . . . .</b>  | <b>19</b> |
| Ano ang isang pagsusuri? . . . . .  | 19        |
| Bakit ako sinusuri? . . . . .   | 19        |
| Lahat ba ng nagbabayad ng buwis ay sinusuri . . . . .   | 20        |
| Ano ang hinahanap ng isang tagasuri . . . . .   | 20        |
| Ano ang mangyayari matapos magsuri . . . . .  | 20        |
| <b>MGA INTERES AT MULTA . . . . .</b>   | <b>21</b> |
| Mga interes . . . . .   | 21        |
| Mga multa . . . . .   | 21        |
| <b>APILA SA MGA PAGTATASA NG BUWIS O MGA BALIK-BAYAD NA HINDI PINAYAGAN . . . . .</b>                                     | <b>22</b> |
| Ano ang aking mga karapatan? . . . . .  | 22        |
| Mga apila sa ministro . . . . .   | 22        |
| <b>KUSANG-LOOB NA PAGSISIWALAT NG MGA UTANG NA BUWIS. . . . .</b>   | <b>22</b> |
| <b>IBA PANG PROGRAMA NG MINISTRI NA MAY EPEKTO SA INYONG NEGOSYO . . . . .</b>  | <b>23</b> |
| Buwis sa kinita . . . . .   | 23        |
| Mga kredit sa buwis sa kinita . . . . .   | 23        |
| Buwis sa ari-arian . . . . .  | 23        |
| <b>MGA DAGDAG PANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON PARA SA MALIIT NA NEGOSYO. . . . .</b>                                     | <b>23</b> |

# Tungkol sa Patnubay na ito

## SINO ANG DAPAT MAGBASA NG PATNUBAY NA ITO?

Kung kayo ay naghahandang magsimula o nagpapatakbo na ng isang negosyo sa British Columbia, dapat ninyong basahin ang patnubay na ito. Pinapaliwanag sa patnubay ang pinagbabatayan ng buwis ng serbisyong panlipunan o 'social service tax' ng British Columbia, na tinatawag din na provincial sales tax (PST), na pinamamahala sa ilalim ng *Social Service Tax Act*. Ang aming layunin ay matulungan kayo na malaman ang inyong mga katungkulan at mga karapatan kaugnay sa buwis upang maiwasan ninyo ang mga pagtasa o 'assessments' at mga multa, at matanggap ang mga pakinabang na karapat-dapat sa inyo sa ilalim ng batas sa buwis sa British Columbia. Ang patnubay na ito ay para sa inyo upang lagi itong handa na magamit sa inyong negosyo kapag mayroon kayong katanungan tungkol sa PST.

Ang anumang mga pagbabago sa batas at mga patakaran sa PST ay ginagawa sa 'provincial budget' tuwing Pebrero. Maaring manatili kayong 'up to date' na maalam sa mga pinakahuling pagbabago sa oras na mangyari ang mga ito sa pamamagitan ng pagkuha ng suskrisyon sa aming serbisyong automatik na 'update' o sa **Budget Bulletin** (tingnan ang **Automatic Update Service** sa ibaba). Maaari din ninyong makita ang Social Service Tax Act and Regulations sa internet sa [www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer\\_Taxes/Provincial\\_Sales\\_Tax/Legislation.htm](http://www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer_Taxes/Provincial_Sales_Tax/Legislation.htm)

**Pabatid:** Ang PST ay iba kaysa pampederal na buwis sa mga paninda at serbisyo o federal goods and services tax (GST). Upang makapag-rehistro para sa GST, mangyaring tawagan ang Canada Revenue Agency sa 1 800 959-5525 o pumunta sa [www.cra-arc.gc.ca](http://www.cra-arc.gc.ca)

## Makipag-ugnayan sa Amin



Kami ay nangangako na itataguyod ang inyong karapatan na makakuha ng tulong, na mapanatili ang mataas na antas ng pagiging naririyang o 'accessibility' at upang masigurado na kayo ay tinatratong nang may paggalang, tulad ng nasasaad sa Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng *Buwis at Alituntumin sa Pagseserbisyo* o *Taxpayer Fairness and Service Code*.

## LINYA NG IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA NAGBABAYAD NG BUWIS (TAXPAYER SERVICES INFORMATION LINE)

Itawag sa amin ang inyong mga katanungan sa PST. Kami ay bukas 8:30 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon Lunes hanggang Biyernes.

Sa pook ng Vancouver: 604 660-4524 (Fax: 604 660-1104)

Walang bayad o Toll-Free sa Canada: 1 877 388-4440

## SUMULAT O BUMISITA NANG PERSONAL SA AMIN

*Ministry of Small Business and Revenue*

1802 Douglas Street, Victoria BC V8T 4K6

*Ministry of Small Business and Revenue*

Suite 800 – 360 West Georgia Street, Vancouver BC V6B 6B2

## MGA SERBISYONG ONLINE

Lahat ng aming mga bulitin, brosyur, patalastas, pormularyo at iba pang impormasyon sa buwis ay makukuha sa aming website sa [www.sbr.gov.bc.ca](http://www.sbr.gov.bc.ca)

## SERBISYONG AUTOMATIK NA 'UPDATE' (AUTOMATIC UPDATE SERVICE)

Mula sa aming website, kumuha ng suskrisyon sa aming serbisyong automatik na 'update'.

Makatatanggap kayo ng mga dagliang pagbabago o 'updates' kapag may nagbagong impormasyon sa website, o piliin ang bulitin o brosyur na nais ninyong masundan. Maginhawa at madali lang baguhin ang inyong mga pinili o itigil ang pagtanggap ng mga 'update'. Ito ay nasa sa inyo! Magpunta sa [www.sbr.gov.bc.ca/business.html](http://www.sbr.gov.bc.ca/business.html) at magklik sa Subscribe to Updates sa ilalim ng Customer Services.



Kami ay nangangako na sisiguraduhin na kayo ay may kumpleto, tumpak, malinaw, at napapanahon na mga impormasyon, tulad ng nasasaad sa Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at *Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*.

## MGA KAHATULAN SA PAGBUBUWIS – TANGGAPIN NANG NAKASULAT

Kung ang inyong katanungan sa buwis ay masalimuot o kaya ay hindi ninyo makita ang impormasyon na nababagay sa inyong sitwasyon, sumulat o mag-email sa amin at humingi ng isang nakasulat na kasagutan. Bigyan ninyo kami ng maraming detalye hanggat maari tungkol sa transaksyon o sa bagay na inyong itinatanong. Sa ilang mga kaso, ang pagsasama ng ‘graphics’ o larawan ay makatutulong sa amin upang higit na maintindihan ang inyong katanungan.

Sulatan kami sa address na nasa pahina 1 o mag-email sa amin sa [CTBTaxQuestions@gov.bc.ca](mailto:CTBTaxQuestions@gov.bc.ca)

Makaasa kayo na kami ay sasagot sa inyong mga kahilingan sa pamamaraang napapanahon, tulad ng nasasaad sa *Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*.

## MGA SEMINAR SA BUWIS

Ang Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue) ay nag-aalok ng mga libreng seminar at sesyon tungkol sa buwis sa buong British Columbia. Ang serbisyong ito ay naririyang para sa mga nagbabayad ng buwis kahit anong laki o uri ng kanilang negosyo.

Kung mayroon kayong natatanging paksa tungkol sa buwis na nais ninyong mapag-usapan, nangangailangan ng impormasyon kaugnay sa isang partikular na industriya o palagay ninyo na nangangailangan ng higit na detalyadong ‘tax coverage’, makipag-ugnayan sa amin upang maiayos ang seminar o sesyon na lapat sa inyong mga pangangailangan. Bumisita sa aming website upang malaman kung may seminar na mangyayari sa inyong lungsod.

Tumawag: 250 387-6737 (Fax: 250 356-2340)

E-mail: [Taxseminar@gov.bc.ca](mailto:Taxseminar@gov.bc.ca) Website: [www.sbr.gov.bc.ca/business.html](http://www.sbr.gov.bc.ca/business.html)

## IBA PANG MGA PROGRAMA AT SERBISYO

Para sa impormasyon tungkol sa iba pang mga programa at serbisyo ng gobyerno ng British Columbia, mangyaring bumisita sa [www.gov.bc.ca](http://www.gov.bc.ca) o tumawag sa **Service BC ng walang bayad o toll-free sa 1 800 663-7867**.

## Ano ang PST?

Ang PST ay isang buwis ng paggamit o ‘consumption tax’ para sa mga ibinebenta ng tingian at pag-arkila ng mga paninda na may buwis o mga serbisyo sa British Columbia, at sa iba pang mga panindang may buwis na ipinapasok sa probinsya para gamitin. Ang ibig sabihin nito ay ang taong bumibili o gumagamit ng mga panindang may buwis (bago man o nagamit na) o serbisyo sa British Columbia ay magbabayad ng PST.

## Ano ang Maaaring Patawan ng Buwis?

### PANGKALAHATANG PANINDA (TANGIBLE PERSONAL PROPERTY)

Ang PST ay para sa mga ibinebenta nang tingian o pag-arkila ng mga pang personal na pag-aari o “tangible personal property” (TPP) sa British Columbia maliban na lamang kung may tiyak na iksemsiyon. Para sa karagdagang impormasyon sa iksemsiyon, mangyaring tingnan ang seksyon sa ibaba, **Alin ang Hindi Binubuwanan?**

Ang TPP ay isang pang personal na pag-aari na nakikita, natitimbang, nasusukat, nahahawakan, o kung paano man ay nalalaman sa pamamagitan ng mga pandama o ‘senses’. Kasama rin sa TPP ang natural o niyari (manufactured) na gas, ‘software’, init, kuryente at mga kasangkapang pangkabit (fixtures), subalit hindi kasama ang mga tinatawag na ‘prescribed fixtures’.

Kasama sa 'prescribed fixtures' ang makinarya at mga kagamitang naka-instila o nakakabit sa mga gusali o di kaya ay istraktura para sa pagpapainit (heating), pagpapalamig (air conditioning), pag-iilaw (lighting), 'sewage disposal', 'elevators' o 'escalators' upang maigalaw ang mga tao o kargada (freight). Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga 'fixtures', mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 078, Fixtures (Kasangkapang Pangkabit)**.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng mga panindang may buwis:

- > mga inuming nakakalasing
- > arte (mga larawang ipininta) at mga gamit sa arte o 'art supplies'
- > mga materyales sa paggawa o pagtatayo ng gusali
- > kasuotan
- > mga kompyuter, 'software' at 'software updates'
- > mga kosmetiko at mga pantulong sa pag-aayos o 'grooming aids'
- > mga bulaklak
- > mga muwebles at mga kagamitan o 'appliances'
- > sasakyang de motor at mga parteng pangsasakyan o 'automotive parts'
- > natural na gas, init at kuryente na gamit para sa negosyo
- > mga alagang hayop
- > mga bagay-bagay na pampaalala o 'souvenirs'

## **MGA SERBISYONG MAY BUWIS**

Ang PST ay para sa mga partikular na serbisyo ng mga manggagawa, na tinatawag na mga serbisyong may buwis. Ang serbisyong may buwis ay kahit anong ipinagkakaloob na serbisyo upang ikabit, buuin, pagkalaskalasin, ayusin, itama, ibalik sa dati (restore), i-rekondisyon, muling yariin (refinish) o mapanatili ang TPP. Pangkalahatan, kung ang isang bagay ay may buwis kapag binili, ang mga serbisyong ipagkakaloob sa bagay na iyon ay may buwis din. Narito ang ilang halimbawa ng mga serbisyong may buwis:

- > pagpapanatili ng kaayusan ng sasakyan, pagkumpuni, pagpipintura at pagpapakintab
- > pagkukumpuni ng kamera
- > pagtu-'tune-up' ng makina ng sasakyan
- > pagkukumpuni ng mga muwebles, pagpapalit ng apholsteri o bihis ng mga upuan at muling pagyayari o 'refinishing'
- > pag-aalaga upang mapanatili ang mga halamang itinanim sa mga nabibitbit na lalagyan
- > mga pangproteksiyong pangangalaga na inilalagay/ipinapahid upang manatiling maayos ang mga kalakal na may buwis, katulad ng mga pamproteksiyon sa mga tela (fabric), pampigil sa kalawang (rustproofing), at pagpintura
- > pagkukumpuni ng mga kagamitan sa pagnenegosyo, katulad ng cash register, photocopiers at fax machines
- > paghahanda ng mga pansamantalang patungan ng mga display, istante (shelves) takilya (booths) at mga katulad na bagay sa mga peryang pangkalakalan (trade fairs) at kumbensiyon
- > pagkukumpuni ng mga telebisyon, stereo at 'hardware' ng kompyuter
- > pagkukumpuni at pag-aayos ng mga relo at orasan

Para sa karagdagang impormasyon sa mga serbisyong may buwis, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 018, Taxable Services (Mga Serbisyong May Buwis)**.

## **MGA SERBISYONG PANG-LEGAL, KARAPATANG MAG-PARADA AT MGA SERBISYONG PANG- TELEKOMUNIKASYON**

Ang PST ay para din sa pinambayad sa mga serbisyong pang-legal, karapatang mag-park o magparada ng sasakyan sa pangrehiyong serbisyong pang-transportasyon sa South Coast British Columbia at sa mga serbisyong pang-telekomunikasyon. Para sa impormasyon kung paano gagamitin ang PST sa mga serbisyong ito, mangyaring tingnan ang mga sumusunod na bultin.

**Bulletin SST 061, Legal Services (Mga Serbisyong Pang-legal)**

**Bulletin SST 105, Motor Vehicle Parking (Paradahan ng mga Sasakyang de Motor)**

**Bulletin SST 107, Telecommunications Industry (Industriyang Pang-Telekomunikasyon)**

## Iba Pang Mga Buwis at Pataw

### BUWIS SA RENTA NG PAMPASAHERONG SASAKYAN

Ang buwis sa pag-upa ng pampasaherong sasakyan na \$1.50 bawat araw, o bahagi ng araw, ay para sa mga renta at pag-aarkila ng mga pampasaherong sasakyan sa loob ng 28 magkakasunod na araw o kulang pa. Simula sa ika-1 ng Abril 2007, ang buwis sa pag-upa ng pampasaherong sasakyan na ito ay hindi aaplay sa mga renta at pagaarkila ng papasaherong sasakyan nang 8 magkakasunod na oras o kulang pa. Ang mga nagpapa-arkila (lessors) ay nangungolekta ng buwis na ito dagdag pa sa PST sa mismong arkila o renta ng sasakyan. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 103**, *Lessors of Motor Vehicles and Trailers (Mga Nagpapa-arkila ng mga Sasakyan at Trailers)*.

### MGA PANGKAPALIGIRANG PATAW (ENVIRONMENTAL LEVIES)

Ang \$5 na pamprobinsyang pangkapaligirang pataw (environmental levy) ay para sa bawat bagong tinggang-asidong bateriya (lead-acid battery) na tumitimbang ng 2 kg o higit pa na binili sa British Columbia, kasama ang mga bateriya sa naibentang mga sasakyan at mga bangka.

Epektibo simula sa Setyembre 1, 2007, ang pamprobinsyang pataw na 'Innovative Clean Energy' (ICE) Fund levy na 0.4% ay para sa mga pagbili ng kuryente, natural na gas, langis na panggatong at 'propane' na naibenta sa 'grid system'. Ang pataw ay hindi para sa mga panggatong (fuel) na binuwisan o may iksemsiyon sa buwis sa ilalim ng *Motor Fuel Tax Act* (hal. mga panggatong na ginagamit sa mga sasakyang de motor).

Ang mga nagbenta ang kumukolekta ng mga pataw (levies) para sa bateriya at ICE Fund dagdag pa sa pagkolekta ng PST sa mga benta. Ang PST ay hindi sinisingil sa pataw (levy) sa bateriya o ICE Fund.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pataw sa bateriya, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 015**, *Environmental Levy on Batteries (Pangkपालigirang Pataw sa mga Bateriya)*. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ICE Fund Levy, mangyaring tingnan ang aming website sa [www.sbr.gov.bc.ca/individuals/Consumer\\_Taxes/Provincial\\_Sales\\_Tax/ICE\\_Fund\\_Levy.htm](http://www.sbr.gov.bc.ca/individuals/Consumer_Taxes/Provincial_Sales_Tax/ICE_Fund_Levy.htm)

## Alin ang Hindi Pinapatawan ng Buwis?

### MGA PANINDANG MAY IKSEMSIYON (EXEMPT GOODS)

Maari kayong magbenta ng mga sumusunod na paninda kahit kanino na walang kailangang kolektahin na PST:

- > mga produktong pagkain na kinukunsumo ng mga tao, kasama dito ang mga kendi at matatamis na pagkain (confections)
- > tubig, mga inuming walang alkohol, mga bitamina at mga produktong nilulunok na may sangkap na pangdagdag sa pangkaraniwang pagkain (dietary supplements)
- > mga droga (drugs) at gamot na ibinenta na may reseta ng doktor, dentista o beteryaryo
- > mga pambatang pananamit at kasuotang pampaa (footwear) (tingnan ang **Bulletin SST 009**, *Children's Clothing (Mga Kasuotang Pambata)*)

Maari din kayong magbenta ng mga sumusunod na paninda kahit kanino na walang kailangang kolektahin na PST; subalit, ang mga bagay na ito ay kinakailangang tumugon sa ilang mga kondisyon para sa iksemsiyon o kaya ay limitado lamang sa mga tiyak na bagay:

- > mga bisikleta at mga tricycles na hindi pambata – mga kwalipikadong hindi de-motor at de-koryente (tingnan ang **Bulletin SST 001**, *Bicycles and Tricycles (Mga Bisikleta at mga Tricycle)*)
- > mga libro, dyaryo, magasin (tingnan ang **Bulletin SST 131**, *Book, Magazine and Newspaper Retailers (Mga Nagtitingi ng Libro, Magasin at Dyaryo)*)
- > mga tiyak na pangkaligtasang kagamitan (tingnan ang **Bulletin SST 002**, *Safety Equipment and Protective Clothing (Pangkaligtasang Kagamitan at Nagbibigay-Protteksyon na Kasuotan)*)
- > mga tiyak na materyales para sa konserbasyon ng enerhiya (tingnan ang **Bulletin SST 011**, *Exemption for Material and Equipment Used to Conserve Energy (Iksemsiyon sa mga Materyales at Kagamitan para sa Konserbasyon ng Enerhiya)*)

- > mga tiyak na panggamot at mga kagamitan at mga bagay na panustos (supplies) na may kaugnayan sa kalusugan (tingnan ang **Bulletin SST 006**, *Medical Supplies and Equipment (Mga Pang-Medikal na Panustos at Kagamitan)* at **Bulletin SST 003**, *Equipment and Devices Used by Persons with a Permanent Disability (Mga Kagamitan at Kasangkapan na Ginagamit ng mga Taong may Permanenteng Kapansanan)*)

## MGA SERBISYONG MAY IKSEMSIYON SA BUWIS

Ang mga sumusunod na serbisyong pangmanggagawa ay may iksemsiyon sa PST:

- > paghila ng mga kotse o sasakyan, pang-emerdyensing pagpapalit ng gulong ng sasakyan sa kalsada at pang-emerdyensing pagbuhay (boosting) ng bateriya (subalit hindi kasama ang pagkakarga o 'recharging' ng bateriya)
- > mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga hayop, katulad ng paggawa ng sapatos ng kabayo, pag-aayos o pagpapaganda (grooming) ng alagang hayop o serbisyo ng isang beterinaryo
- > mga serbisyong paglilinis, katulad ng paglalaba at pagda-dry cleaning, paglilinis ng karpit at apholsteri, mga serbisyong pangdyanitor, pagsa- shampoo ng makina, at paghuhugas (wash) at pagwax ng kotse
- > mga paggawa na pagkakabit ng TPP na nagiging 'real property' kapag nakabit na
- > mga serbisyong pampersonal, katulad ng pag-aayos ng buhok, pagbabarbero at iba pang gawaing pagpapaganda (subalit ang pagbebenta ng produkto ay may buwis)
- > mga serbisyong nakapaloob sa software, tulad ng pagi-instala, pagku-configure, pagri-repair, pagbabalik sa dati (restoring) o pagkakaloob ng serbisyong pagwawasto (corrective), kasama ang pagtanggap ng mga 'virus'
- > mga serbisyo sa mga panindang ipinasok o ipinadala sa probinsya para lamang mabigyan ng serbisyong may buwis at, pagkatapos na pagkatapos matanggap ang serbisyo, ay inalis mula sa probinsya (ang tindero ay dapat mayroong dokumento na nagpapatunay sa mga pangyayari ng naturang benta)
- > mga serbisyo para sa mga bagay na may iksemsiyon sa buwis (katulad ng pagkumpuni ng mga bisikletang hindi de-motor na may dalawang gulong)
- > mga serbisyo sa mga sumusunod na paninda kung nakalaan para kagamitan sa bahay: refrigerators, stoves, ovens (kasama ang microwave at convection ovens), washer at dryer ng damit, dishwashers, vacuums, makinang panahi, alpombra (rugs), karpit, kukurtinahin at mga kurtina o pantabing

Para sa kaaragdagang impormasyon sa mga serbisyong may iksemsiyon sa buwis, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 018**, *Taxable Services (Mga Serbisyong May Buwis)*.

## MGA KARANIWANG IKSEMSIYON

Ang mga sumusunod na iksemsiyon ay kondisyunal depende sa kung ang bumibili ay karapat-dapat para sa iksemsiyon o para sa layuning pangkatapusang-gamit (intended end-use) ng mga paninda. Kailangang itabi ninyo ang mga pangsuportang dokumento sa inyong mga rekord na magpapakita kung bakit hindi ninyo siningil ang PST. Ang talahanayan (table) sa ibaba ay naglilista ng mga pangsuportang dokumento na inyong kakailanganin.

| <b>Iksemsiyon o Di-saklaw ng buwis</b>   | <b>Mga Pangsuportang Dokumentasyon</b>   |
|--|--|
| Mga panindang binili para ibentang muli  | Ang numero ng rehistrasyon ng PST ng namimili na nakatala sa paktura (invoice) o kung hindi rehistrado, isang pormularyo ng Sertipiko ng Iksemsiyon o 'Certificate of Exemption' ( <b>FIN 453</b> )  |
| Mga panindang binili o inarkila para lamang ipa-arkila sa ibang tao                          | Ang numero ng rehistrasyon ng PST ng namimili o nagpapa-arkila na nakatala sa paktura<br>Mangyaring tingnan ang mga <b>Bulletin SST 082</b> , <i>Rentals and Leases of Tangible Personal Property (Mga Renta at Arkila ng 'Tangible Personal Property')</i> at <b>SST 103</b> , <i>Lessors of Motor Vehicles and Trailers (Mga Nagpapa-arkila ng mga Sasakyan at Trailers)</i> |
| Mga paninda at materyales na binili upang isama o ilahok sa mga paninda na muling ipagbibili | Ang numero ng rehistrasyon ng PST ng namimili na nakatala sa paktura o kung hindi rehistrado, isang pormularyo ng Sertipiko ng Iksemsiyon o 'Certificate of Exemption' ( <b>FIN 453</b> )  |

| <b>Iksemsiyon o Di-saklaw ng buwis</b>   | <b>Mga dokumentong sumusuporta</b>   |
|--|--|
| Mga panindang ipinadala o idiniliber ng tindero palabas sa probinsya.  | Mga katibayan ng pagkakaalis palabas sa probinsiya sa pamamagitan ng tindero o kung idiniliber palabas sa probinsiya ng tindero, ang pormularyo na Iksemsiyon ng <i>Out-of-Province Delivery Exemption (Pagkadeliber Palabas sa Probinsiya)</i> ( <b>FIN 448</b> )<br><br>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletin SST 030</b> , <i>Purchases by Non-Residents of British Columbia (Mga Pinamili ng mga Hindi Nakatira sa British Columbia)</i>  |
| Mga serbisyong may buwis at mga piyansang pangkumpuni na binili para sa imbentaryong ibebenta o papa-arkila                                      | Ang numero ng rehistrasyon ng PST ng namimili na nakatala sa paktura o kung hindi inirehistro, isang pormularyo ng Sertipiko ng Iksemsiyon o 'Certificate of Exemption' ( <b>FIN 453</b> )<br><br>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletin SST 018</b> , <i>Taxable Services (Mga Serbisyong may Buwis)</i>  |
| Mga paninda na binili ng mga kwalipikadong tao at na gagamitin sa loob at labas ng British Columbia  | Ang Special Registration Number (SRN) (Tamdang Numero ng Rehistrasyon) ng Namimili na nakatala sa paktura<br><br>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletin SST 010</b> , <i>Special Registration Number (SRN) (Tamdang Numero ng Rehistrasyon)</i>  |
| Mga makinarya at kagamitang pangproduksiyon upang magamit ng mga taong karapat-dapat   | <i>Sertipiko ng Iksemsiyon: Mga Makinarya at Kagamitang Pangproduksiyon</i> na pormularyo ( <i>Certificate of Exemption: Production Machinery and Equipment</i> ) ( <b>FIN 453/M</b> ) o ang SRN ng namimili na nakatala sa paktura<br><br>Mangyaring tingnan ang mga <b>Bulletin SST 054</b> , <i>Manufacturers (Mga Taga-yari)</i> , <b>SST 055</b> , <i>Oil and Gas Industry – Producers and Processors (Industriya ng Langis at Gaas – Mga Prodyuser at Taga-Proseso)</i> , <b>SST 081</b> , <i>Mining Industry (Industriya sa Pagmimina)</i> o <b>SST 112</b> , <i>Logging Industry (Industriya sa Pagto-troso)</i> o <b>SST 010</b> , <i>Special Registration Number (SRN) (Tamdang Numero ng Rehistrasyon)</i>  |
| Mga tiyak na panindang binili upang magamit ng mga magsasaka, mangingisda o mga 'aquaculturists' (kasama ang mga nagpapalaki ng mga 'shellfish') | <i>Sertipiko ng Iksemsiyon bilang Magsasaka</i> na pormularyo ( <i>Certificate of Exemption as a Farmer</i> ) ( <b>FIN 465</b> ) o isang 'imprint' na Kard ng Pagkakakilanlan ng Magsasaka o <i>Farmer Identity Card</i> na pinamahagi ng British Columbia Agricultural Council (BCAC)<br><br><i>Sertipiko ng Iksemsiyon bilang Pang-Komersiyal na Mangingisda</i> na pormularyo ( <i>Certificate of Exemption as a Commercial Fisher</i> ) ( <b>FIN 459</b> )<br><br><i>Sertipiko ng Iksemsiyon bilang Aquaculturist</i> na pormularyo ( <i>Certificate of Exemption as an Aquaculturist</i> ) ( <b>FIN 599</b> )<br><br>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletin SST 023</b> , <i>Bona Fide Farmers</i> , <b>SST 025</b> , <i>Bona Fide Commercial Fishers</i> , o <b>SST 050</b> , <i>Bona Fide Aquaculturists</i> at <b>SST 120</b> , <i>Shellfish Growers</i>   |
| Mga damit at kasuotang pampaa na sukat pang matanda na binili para sa mga bata 15 taon gulang pababa   | <i>Sertipiko ng Iksemsiyon para sa mga Damit at Kasuotang Pampaa ng mga Bata</i> na pormularyo ( <i>Certificate of Exemption for Children's Clothing and Footwear</i> ) ( <b>FIN 417</b> )<br><br>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletin SST 009</b> , <i>Children's Clothing (Kasuotang Pambata)</i>  |
| Mga benta sa mga 'Status Indians' at mga 'Indian Bands'<br><br><i>(upang magpatuloy, tingnan ang pahina 7)</i>                                   | <b>Mga Indibidwal</b><br><ul style="list-style-type: none"> <li>&gt; Makiusap na makita ang kard na pagkakakilanlan na <i>Sertipiko ng Istatus ng Pagiging Indian (Certificate of Indian Status)</i> ng namimili na ipinamahagi ng pederal na gobyerno</li> <li>&gt; Tingnan kung ang larawan ay ng siyang namimili</li> <li>&gt; Itala ang pangalan ng namimili, pangalan at numero ng band o numero ng rehistrasyon mula sa kard.</li> <li>&gt; Kunin ang lagda ng namimili</li> </ul> <b>Mga Band</b><br><ul style="list-style-type: none"> <li>&gt; Ang mamimili ay dapat magbigay ng isang nakasulat na awtorisasyon mula sa Indian band na nagbibigay karapatan sa kanya na kumatawan sa kanilang kapakanan</li> <li>&gt; Tingnan ang pagkakakilanlan ng namimili upang matiyak na ang pangalan ay katulad ng pangalan ng binigyang kapangyarihan sa sulat</li> <li>&gt; Itala ang pangalan ng namimili, pangalan at numero ng band at pangalan ng miyembro ng band na lumagda sa liham</li> <li>&gt; Kunin ang lagda ng namimili</li> </ul> |

| <b>Iksemsiyon o Di-saklaw ng buwis</b>  | <b>Mga dokumentong sumusuporta</b>  |
|---|---|
| Pa-arkila para sa mga 'Status Indians' at 'Indians Bands', karugtong<br><i>(kasunod mula sa pahina 6)</i> | <b>Mga Indibidwal at Band</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>&gt; Katibayan ng pagpapadala o 'shipment' ng tindero sa 'reserve land' bilang kondisyon ng pagbenta, o katibayan na nangyari ang bentahan sa 'reserve land'.</li> </ul>   |
| Pa-arkila para sa mga 'Status Indians' at 'Indians Bands', karugtong                                      | <b>Mga Indibidwal</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>&gt; Makiusap na makita ang kard na pagkakakilanlan na Sertipiko ng Istatus ng Pagiging Indian (<i>Certificate of Indian Status</i>) ng umaarkila na ipinamahagi ng pederal na gobyerno</li> <li>&gt; Tingnan kung ang larawan ay ng siyang umaarkila</li> <li>&gt; Itala ang pangalan ng umaarkila, pangalan at numero ng band o numero ng rehistrasyon mula sa kard.</li> <li>&gt; Kumuha ng katibayan na ang umaarkila ay nakatira sa 'reserve land'</li> <li>&gt; Kunin ang lagda ng umaarkila</li> </ul> <b>Mga Band</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>&gt; Ang umaarkila ay dapat magbigay ng isang nakasulat na awtorisasyon mula sa Indian band na nagbibigay karapatan sa umaarkila na kumatawan sa kanilang kapakanan</li> <li>&gt; Tingnan ang pagkakakilanlan ng umaarkila upang matiyak na ang pangalan ay katulad ng pangalan ng binigyang kapangyarihan sa sulat</li> <li>&gt; Itala ang pangalan ng umaarkila, pangalan at numero ng band at pangalan ng miyembro ng band na lumagda sa liham</li> <li>&gt; Kunin ang lagda ng umaarkila</li> </ul> <p>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletin SST 046</b>, <i>Exemption for Indians and Indian Bands (Iksemsiyon para sa mga Indian at Indian Band)</i> at <b>SST 034</b>, <i>Procedures for Making Exempt Sales or Leases to Indians and Indian Bands (Mga Tuntunin sa May Iksemsiyon na Pagbebenta at Pagpapaarkila sa mga Indian at Indian Band)</i></p> |
| Mga benta sa mga miyembro ng 'diplomatic' at 'consular corps'   | <ul style="list-style-type: none"> <li>&gt; Makiusap na makita ang pagkakakilanlan na kard ng namimili na ipinamahagi ng Foreign Affairs Canada</li> <li>&gt; Tingnan kung ang larawan ay ng siyang namimili</li> <li>&gt; Tiyakin na British Columbia ang nakatala sa likod ng kard</li> <li>&gt; Tingnan na hindi pa paso ang kard</li> <li>&gt; Itala ang pangalan ng namimili, numero ng kard at petsa ng pagkapaso (expiry date) mula sa kard</li> <li>&gt; Kunin ang pirma (siguraduhin na ito ay katulad ng pirma sa kard)</li> </ul> <p>Mangyaring tingnan ang <b>Bulletins GEN 007</b>, <i>Exemption for Members of the Diplomatic and Consular Corps (Iksemsiyon para sa mga Miyembro ng 'Diplomatic at Consular Corps')</i> at <b>GEN 006</b>, <i>Exemption for Members of the Diplomatic and Consular Corps: Instructions to Vendors and Operators (Iksemsiyon para sa mga Miyembro ng 'Diplomatic at Consular Corps': Instruksiyon para sa mga Tindero at Opereytor)</i></p>   |

## MGA PAG-AARING LUPA AT NAKAKABIT DITO (REAL PROPERTY)

Ang 'real property' ay isang lupain at kahit anong mga bagay-bagay na permanenteng nakakabit sa isang lupain (mga ng gusali at istraktura). Walang PST sa mga benta at paarkila ng pag-aaring lupain o sa mga serbisyo para sa mga pag-aaring lupa.

| <b>Kasama sa Pag-aaring lupa at nakakabit dito (Real Property)</b> | <b>HINDI kasama sa pag-aaring lupa at nakakabit dito</b>   |
|--|--|
| mga gusali   | mga kagamitan o materyales sa pagpapatayo, tulad ng 2 x 4's, pangdingding (drywall) at pangsahig (flooring)  |
| daanan ng mga sasakyan at mga kalsada o lansangan                  | mga kagamitan sa paggawa ng mga lansangan at daanan ng mga sasakyan (driveways), tulad ng buhangin, graba at aspalto.  |
| mga bakod  | mga kagamitan sa paggawa ng bakod tulad ng mga 'wood slats', 'chain link' at mga pako  |
| mga swimming pool na hinukay sa lupa                               | mga swimming pool na mabibitbit (portable) at itinayo sa ibabaw ng lupa  |
| patyo  | mga kagamitan sa paggawa ng mga patyo (patios), tulad ng 'pavers', batong malapad o 'slabs' at konkreto  |
| mga nakakabit na instalasyon ng mga tubo at ilaw                   | mga hindi nakakabit na instalasyon ng mga tubo at mga ilaw   |
| mga pampa-init (heaters) ng tubig                                  | mga hindi nakakabit na pampa-init (heaters) ng tubig   |
| mga karatula o tanda na nakakabit sa mga gusali o lupa.            | mga pansamantalang karatula o tanda, katulad ng mga karatula ng pagbebenta ng lupa (real estate signs) at mga nakatayong karatula na hugis sandwich (sandwich board) |

Ang mga kontratista ng pag-aaring lupa o 'real estate' na nagtatayo o gumagawa, nagkukumpuni o nag-aayos ng pag-aaring lupa para sa iba ay dapat sumangguni sa **Bulletin SST 072, Real Property Contractors (Mga Kontratista sa Pag-aaring lupa)**, para sa impormasyon kung paano ipapatong ang PST sa TPP na nagamit sa mga kontrata sa pag-aaring lupa.



Kami ay nangangako na titiyakin na naiintindihan ninyo ang tungkulin o trabaho na ginagawa namin sa inyo, tulad ng nasasaad sa Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo o *Taxpayer Fairness and Service Code*.

## Ang Pagrehistro ng PST (PST Registration)

### KAILANGAN BA NA MAGPAREHISTRO AKO BILANG TINDERO (VENDOR)?

Kailangan na magparehistro kayo bilang tindero kapag kayo ay:

- > regular na nagbebenta ng mga panindang may buwis, kabilang ang alak o tabako (kailangan kayo magrehistro para sa isang numero ng PST bago kayo makapagrehistro para sa isang lisensiya sa alak)
- > nagpapaarkila (lease) ng mga panindang may buwis bilang tagapag-paarkila (lessor)
- > nagkakaloob ng mga pang-legal na serbisyo sa pangrehiyong serbisyong pang-transportasyon sa South Coast British Columbia
- > nagbebenta ng karapatang mag-park o pumarada sa loob ng pangrehiyong serbisyong pangtransportasyon sa South Coast British Columbia
- > nagkakaloob ng mga serbisyong may buwis
- > nagkakaloob ng mga serbisyong pangtelekomunikasyon
- > nagbebenta ng 'propane'
- > kumikilos bilang liquidator (tagahirang), tagatanggap, tagatanggap na tagapamahala o katiwala at nagbebenta ng mga ari-arian habang kayo ay nagpapalakad ng negosyo

Kung kayo ay nasa labas ng British Columbia at nagbebenta sa British Columbia, maaari na kailanganin na magrehistro kayo bilang tindero sa British Columbia. Mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 074, Out-of-Province Sellers (Mga Tindero sa Labas ng Probinsiya)** upang mabatid kung kailangan ninyong magrehistro.

### SINO ANG HINDI KAILANGAN NA MAGPAREHISTRO?

Hindi ninyo kailangan na magrehistro bilang tindero kapag kayo ay:

- > nagbebenta o nagpapaarkila lamang ng mga paninda na walang buwis (hal: pagkain para kainin ng mga tao)
- > nagkakaloob lamang ng mga serbisyong walang buwis (hal: dry cleaning, accounting at hairdressing)
- > hindi nagnenegosyo subalit paminsan-minsan ay nagtitinda ng mga paninda sa mga 'garage sales', 'flea markets', 'craft fairs' o sa 'fund raising sales'. [tingnan ang seksyong **Mga Hinihingi Para sa mga Negosyong Hindi Rehistrado (Requirements for Unregistered Businesses)**]
- > namamakyaw (wholesaler) o taga-yari (manufacturer) at hindi nagbebenta sa mga gumagamit (end user) ng produkto

### KAILANGAN BA NA MAGPAREHISTRO AKO KUNG MALIIT LANG ANG MGA BENTA KO?

Depende. Ang ilang mga indibidwal at mga grupo na paminsan-minsan ay nagbebenta ng tingian (hal: mga taong gumagawa ng mga 'crafts' sa bahay at ilang mga samahang non-profit) ay maaaring maging kwalipikado na mamili kung magpaparehistro o hindi at kumolekta ng PST. Upang maging marapat sa opsiyonal na pagrerehistro, kailangan kayo ay:

- > may taunang benta, bago iawas ang gastos (gross' annual sales) na \$10,000 o kulang pa ng mga kwalipikadong paninda at mga serbisyo,
- > hindi regular na nagbebenta o nagpapaarkila ng mga paninda at mga serbisyo mula sa mga establisadong lugar na pang-komersiyo, at
- > hindi nagmimintina ng establisadong lugar na pangnegosyo.

Kung inaakala ninyo na kayo ay kwalipikado sa opsiyonal na pagpaparehistro, kailangan ninyong basahin ang pabatid, *Mga Bagong Hangganan ng Pagrehistro at Pangungolekta (New Registration and Collection Threshold)*, sa aming web site sa [www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer\\_Taxes/](http://www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer_Taxes/)

[Provincial\\_Sales\\_Tax/notices.htm](#). Kung hindi ninyo matugunan ang lahat ng mga kondisyong nakasaad sa itaas, kailangan kayong magrehistro bilang tindero, kahit na maliit lang ang inyong benta.

## ANO ANG MGA BENEPISYO NA MAKUKUHA KO SA PAGPAPAREHISTRO AT PANGUNGOLEKTA NG PST?

Kapag kayo ay nagrehistro bilang tindero, binabayaran namin kayo ng komisyon para sa pangungolekta at pagpapadala o pagre-remit ng PST sa ngalan ng probinsiya. Ang komisyon ay batay sa halaga ng buwis na nakolekta ninyo sa panahon ng pagrereport, hanggang sa maksimum o pinakamataas na halaga na \$198. (tingnan ang seksyong [Paano Ko Kukuwentahin ang aking Komisyon? \(How do I Calculate my Commission?\)](#))

## PAANO AKO MAGPAPAREHISTRO BILANG TINDERO?

Magrehistro kayo bilang tindero sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng kinumpletong pormularyo (**FIN 418**), *Aplikasyon para sa Rehistrasyon bilang Tindero (Application for Registration as a Vendor)*. Walang bayad para sa pagpaparehistro bilang tindero sa Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue). Makakapagrehistro kayo sa Ministri gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan:

- > gamit ang *Isang Hintuan ng Pagrehistro ng Negosyo (OneStop Business Registry)* ([www.bcbusinessregistry.ca](http://www.bcbusinessregistry.ca)) online o sa isa sa mga kiosk na mahahanap sa buong probinsiya
- > kumpletuhin ang isang pormularyo ng *Aplikasyon para sa Rehistrasyon bilang Tindero (Application for Registration as a Vendor)* (**FIN 418**) na makukuha at maisusumite ninyo gamit ang alinman sa mga sumusunod:
  - online mula sa website ng ministry sa [www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer\\_Taxes/Provincial\\_Sales\\_Tax/forms.htm](http://www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer_Taxes/Provincial_Sales_Tax/forms.htm)
  - nang personal sa tanggapan ng ministry sa Victoria sa 1802 Douglas Street o sa Vancouver sa Suite 800 – 360 West Georgia Street
  - sa anumang Service BC Centre ([www.servicebc.gov.bc.ca](http://www.servicebc.gov.bc.ca)) na mahahanap sa buong probinsiya aya ay sa fax sa numero na nasa pormularyo

Oras na naproseso ng ministry ang inyong aplikasyon at karapat-dapat kayong magrehistro, bibigyan kayo ng:

- > isang *Sertipikasyon ng Pagkarehistro*, na mayroong inyong numero ng rehistrasyon ng PST
- > impormasyon tungkol sa kung paano mangolekto at magdala ng PST na nakolekta ninyo, kasama an **Bulletin SST 032**, *Completing the Social Service Tax Return (Pagkukumpleto ng 'Social Service Tax Return')*
- > mga pormularyo ng tax return nang regular

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN KO UPANG MAGPAREHISTRO?

Makikita sa ibaba ang listahan ng impormasyon na maaari ninyong kailanganin.

- Numero ng Inkorporasyon (Incorporation number) (kung kayo ay nagrehistro bilang korporasyon, 'society' o asosasyon) at kopya ng inyong Sertipiko ng Inkorporasyon, kung hindi kayo korporasyon sa British Columbia. Makipag-ugnayan sa Corporate Registry ng walang bayad o 'toll-free' sa pamamagitan ng Service BC sa 1 800 663-7867 o online sa [www.fin.gov.bc.ca/registries/corppg/](http://www.fin.gov.bc.ca/registries/corppg/)
- Numero ng Negosyo (Business Number) kung mayroon na kayo (maaaring mayroon na kayong Business Number kung kayo ay nangungolekta ng GST, ang inyong negosyo ay inkorporado, mayroon kayong mga empleyado, kayo ay umaangkat (import) o nagluluwas (export), ang negosyo ninyo ay isang rehistradong kawang-gawa (registered charity) o kayo ay nakarehistro sa WorkSafeBC).
- Numero ng Lisensiya bilang Dealer ng mga Sasakyan (Motor Dealer Licence number) kung plano ninyong magbenta o magpaarkila ng mga sasakyan (hindi pangkomersiyal) sa mga kliyenteng bumibili ng tingian sa British Columbia. **Pabatid:** Kailangan ninyong magrehistro bilang dealer **bag**o kayo magrehistro sa amin. Kung wala kayong lisensiya bilang dealer, hindi kayo maaaring maging kwalipikadong magrehistro bilang tindero. Kailangan ninyong magbayad ng PST sa mga sasakyang binili ninyo para ibenta (resale) o paarkila at mag-aplay para sa 'refund' ng binayarang PST. Ang impormasyon sa pagrerehistro bilang dealer ng sasakyang de motor ay makukuha sa website ng Motor Vehicle Sales Authority ng British Columbia sa [www.vehiclesalesauthority.com](http://www.vehiclesalesauthority.com)

- Ang petsa ng pagsimula ng inyong negosyo. Maaari ninyong tantiyahin ang inyong petsa ng pagsimula para sa pagrerehistro at tawagan kami oras na nakompirma na ang inyong petsa ng pagsimula.
- Ang pangalan at adres ng inyong bangko o institusyong pampinansiyal
- Ang kopya ng inyong kasunduan ng pag-arkila at/o pagbili ay maaaring kailanganin kung kayo ay nagbebenta ng tabako o alak. Kung kayo ay nag-aplay ng personal sa opisina ng ministri sa Vancouver o Victoria, maaaring kailangan na magkaloob kayo ng ganitong impormasyon bago ninyo matanggap ang *Sertipiko ng Rehistrasyon (Certificate of Registration)*. Kung kayo ay mag-aaplay sa internet, maaaring hilingin namin sa inyo na ipagkaloob ang impormasyon na ito sa bandang huli.

## ANO ANG MANGYAYARI PAGKATAPOS KONG MAG-APLY?

Maasahan ninyo kami na i-proseso ang inyong aplikasyon sa loob ng dalawang araw ng pag-oopisina mula sa pagkatanggap ng lahat ng mga kinakailangang impormasyon, tulad ng nakasaad sa Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at *Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*. Kapag ang inyong aplikasyon ay naproseso na, padadalhan namin kayo ng *Sertipiko ng Rehistrasyon (Certificate of Registration)*, kung saan nakadispley ang inyong numero ng rehistrasyon ng PST. Ang numero ng rehistrasyon ng PST ay kinabibilangan ng “R” at dagdag ang anim na numero (hal: R123456). Upang makabili ng mga bagay-bagay na hindi magbabayad ng PST, ibigay sa tagapagtustos o ‘supplier’ ang inyong numero ng rehistrasyon ng PST.

Kung kayo ay mayroong mahigit sa isang lokasyon ng negosyo, tatanggap kayo ng sertipiko para sa bawat lokasyon. Maaari ninyong piliin na gamitin ang isang numero ng rehistrasyon ng PST para sa lahat ng lokasyon ng inyong negosyo o kaya ay magkaroon ng sariling numero ang bawat lokasyon. Kailangang i-displey ninyo ang inyong sertipiko sa isang hayag o prominenteng lugar sa inyong pinagnenegosyohan o, kung wala kayong lugar na pinagnenegosyohan, dalhin ninyo ito kapag kayo ay nagnenegosyo.

**Pabatid:** Ang *Sertipiko ng Rehistrasyon (Certificate of Registration)* ay hindi pamalit sa lisensiya ng negosyo, na kailangang kunin ninyo mula sa opisina ng inyong pangmunisipyong distrito o pangrehiyong distrito, o sa pamamagitan ng OneStop Business Registry sa mga kalahok na munisipyo. Para sa listahan ng mga kalahok na munisipyo, mangyaring bisitahin ang [www.bcbusinessregistry.ca](http://www.bcbusinessregistry.ca)

## PAANO KO MABABAGO O MAISASARA ANG AKING NAPAREHISTRONG ACCOUNT?

Kailangan ninyong ipabatid sa amin ang mga pagbabago sa inyong legal na pangalan, pangalan ng negosyo, lokasyon ng negosyo, o adres na padadalhan ng sulat. Maaari ninyong ipabatid sa amin ang mga pagbabagong ito o hilingin kaming isara ang inyong account sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- > Pumunta sa aming website [www.sbr.gov.bc.ca/business.html](http://www.sbr.gov.bc.ca/business.html) at kumpletuhin ang pormularyo ng *Pabatid sa Pagbabago (Notice of Change) (FIN 386)*. Maaari ninyong ipadala ang pormularyo sa pamamagitan ng internet o i-imprenta ito, at ipadala sa koreo o i-fax sa amin. Ang adres at numero ng fax ay nasa pormularyo.
- > Tumawag sa Taxpayer Services Information Line sa **1 877 388-4440** o sa loob ng pook ng Vancouver sa **604 660-4524**.
- > Bisitahin o tawagan ang inyong lokal na Ministri ng Maliliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue) o alinmang opisina ng Service BC Centre.
- > Lagyan ng markang tsek ang kahon na nagsasabing **Sarado na ang Negosyo (Business Closed)** sa harapan ng inyong ‘tax return’ at ipadala sa koreo o i-fax ang impormasyon na nakalista sa ilalim ng kahon.
- > Kung mayroon kang isang BCeID, bisitahin ang *OneStop Business Registry* website sa [www.bcbusinessregistry.ca](http://www.bcbusinessregistry.ca). Ang BCeID ay isang online na serbisyo kung saan maaari kayong gumamit ng login ID at password upang mag-sign in nang walang makakaalam sa mga online na serbisyo ng gobyerno na kalahok sa BCeID. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [www.BCeID.ca](http://www.BCeID.ca).

Kung may pagbabago sa inyong legal na pangalan, pangalan ng negosyo o lokasyon ng negosyo, padadalhan namin kayo ng bagong *Sertipiko ng Rehistrasyon (Certificate of Registration)* na nagsasaad ng inyong pinakahuling ‘updated’ na impormasyon. Kapag natanggap ninyo ang bagong sertipiko,

kailangang ibalik ninyo sa amin ang luma.

Kapag ipinagbili o isinara ninyo ang inyong negosyo, ang inyong sertipiko ay mawawalan ng bisa at kailangan ninyong isauli ito sa loob ng 23 na araw. **Pabatid:** Hindi na ninyo kailangang isauli ang inyong sertipiko para sa pagbebenta lamang ng sosyo o 'shares.' Sa ganitong kaso, ang sertipiko ay mananatiling may bisa.

## PAANO KUNG AKO AY BUMILI O NAGBENTA NG ISANG NEGOSYO?

### *Pagbili ng negosyo*

- > Kapag ang negosyo na inyong binibili ay gumagawa ng pagbebenta o pagpapaarkila na may buwis, kailangan ninyong magrehistro bilang tindero at kumuha ng inyong sariling *Sertipiko ng Rehistrasyon (Certificate of Registration)*. Ang sertipiko ng rehistrasyon ng dating may-ari ay hindi maaaring ilipat.
- > Kapag kayo ay bumili ng negosyo, kailangang kumuha kayo ng kopya ng *'Clearance Certificate'* na ibinigay sa nagbenta na nagpapatunay na naipadala na nila ang lahat ng PST na kanilang nakulekta. Kapag hindi ninyo ginawa ito, maaaring kayo ang managutan para sa PST na kinulekta subalit hindi ipinadala ng nagbenta.
- > Ang PST ay dapat bayaran para sa lahat ng inyong mga binili para sa negosyo na mga pag-aari o 'assets' at mga kagamitan o 'fixtures', maliban sa mga bagay-bagay o 'stock' na ititindang muli. Kung ang nagbenta ay hindi inilista nang hiwalay ang PST sa resibo ng bentahan o hindi kinulekta ito sa inyo, kayo ang responsable para sa pagpapadala ng PST na dapat bayaran.
- > Ipadala ang PST at ang kopya ng resibo ng bentahan (bill of sale) kasama ang kinumpletong pormularyo na *Pagsasauli ng Binayarang Buwis sa mga May Buwis na Personal na Bagay-bagay na Pag-aari ng Namili/Bumili (Return of Tax Due on Taxable Tangible Personal Property by a Purchaser/Seller) (FIN 426)*.

### *Pagbebenta ng negosyo*

- > I-file ang inyong pinakahuling PST 'return' at ipadala ang lahat ng PST na kailangang bayaran sa inyong mga benta at paarkila at mga binili hanggang sa petsa ng pagkabenta ng inyong negosyo.
- > Kailangan kayong kumuha ng dalawang kopya ng *Sertipiko ng 'Clearance' (Clearance Certificate)* na kumukumpirma na naipadala na ninyo ang lahat ng mga nakolektang PST. Ibigay ang isang kopya ng Clearance Certificate sa bumili ng negosyo. Ang pormularyo ng *Aplikasyon para sa 'Clearance' (Application for Clearance) (FIN 447)* ay makukuha sa aming website.
- > Bilang rehistradong tindero, kailangan kayong maningil ng PST sa lahat ng ibinentang mga paninda na may buwis (maliban sa mga panindang ibebentang muli), kasama na ang pagbebenta ng mga 'assets' at 'fixtures', sa panahon ng pagkabenta. Ilista ang PST bilang hiwalay na bagay sa resibo ng pagbebenta. Ipadala ang PST kasama ang kinumpletong pormularyo na *Pagsasauli ng Binayarang Buwis sa mga May Buwis na Personal na Bagay-bagay na Pag-aari ng Namili/Bumili (Return of Tax Due on Taxable Tangible Personal Property by a Purchaser/Seller) (FIN 426)*.
- > Ibalik ang inyong *Sertipiko ng Rehistrasyon (Certificate of Registration)* sa amin sa loob ng 23 na araw mula sa petsa ng pagkabenta.

## Mga Hinihingi para sa mga Negosyong Hindi Rehistrado

### PANGUNGOLEKTA AT PAGPAPADALA O PAGRE-REMIT NG BUWIS

Kung kayo ay hindi kailangan na magparehistro bilang tindero dahil kayo ay nagtitinda lamang ng mga paninda at serbisyo na walang buwis sa pangkaraniwang kalakaran ng inyong negosyo, kayo ay may pananagutan pa rin para sa pangungolekta at pagpapadala ng PST kung paminsan-minsan ay nakapagbebenta kayo ng mga paninda o nakapag-papaarkila na may buwis. Sa mga ganitong pangyayari, sagutan at ipadala ninyo ang pormularyo na *Kaswal na Pagpapadala ng 'Return' para sa PST na Dapat Bayaran sa mga May Buwis na Personal na Bagay-bagay na Pag-aari ng Tindero na Hindi Rehistrado sa Ilalim ng 'Batas sa Buwis para sa mga Serbisyonang Panglipunan (Casual Remittance Return For Provincial Sales Tax (PST) Due on Taxable Tangible Personal Property by a Seller Not Registered Under the Social Service Tax Act) (FIN 428S)*, kalakip ang PST na dapat bayaran.

Ang mga hinihingi para sa pangungolekta at pagbabayad ng PST ay magkaiba para sa mga indibidwal o grupo na kwalipikado para sa opsyonal na rehistrasyon at pinili na hindi magparehistro at mangulekta ng PST sa kanilang benta [tingnan ang seksiyon, **Kailangan Ba Na Magparehistro Ako Kung Maliit Lang ang Benta Ko? (Do I Need to Register if my Sales are Small?)**]

Kayo ay nagbabayad rin ng PST sa karamihan ng mga paninda na inyong ginagamit sa inyong negosyo, kasama na dito ang mga panindang inyong binili, nirentahan o inarkila mula sa labas ng probinsya. Kung ang tagapagtustos o 'supplier' ay hindi nangungolekta ng PST, kayo ay gumawa ng sariling pagkwenta sa PST kapag ipinasok ninyo ang mga paninda sa probinsya at magbayad ng nararapat na PST sa pamamagitan ng paggamit ng pormularyong *Kaswal na Pagpapadala ng 'Return' para sa PST na Dapat Bayaran sa mga May Buwis na Personal na Bagay-bagay na Pag-aari ng Namili na Hindi Rehistrado sa Ilalim ng 'Batas sa Buwis para sa mga Serbisyong Panglipunan (Casual Remittance Return For Provincial Sales Tax (PST) Due on Taxable Tangible Personal Property by a Purchaser Not Registered Under the Social Service Tax Act) (FIN 428P)*. Ito ay para sa mga paninda, tulad ng mga panustos para sa pagpapalakad ng negosyo (operating supplies), kasangkapan, kagamitan o iba pang paninda na hindi mo binili para maibentang muli. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 043**, *Goods Purchased from Out-of-Province Suppliers (Mga Panindang Binili mula sa mga Supplier sa Labas ng Probinsiya)*.

## Pagbabayad ng PST

### ANU-ANONG PANINDA AT MGA SERBISYO ANG DAPAT BAYARAN KO NG PST?

- > Kayo ay magbabayad ng PST sa mga kagamitan at panustos (supplies) na inyong binili o inarkila para gamitin sa inyong negosyo. Sa ganitong pangyayari, kayo ang gumamit (end user) ng mga paninda at may pananagutan sa pagbabayad ng PST. Halimbawa ng mga kagamitan at panustos na inyong binili para sa inyong negosyo kasama dito ang:
  - Kagamitan sa opisina, tulad ng desk, silya at 'cash register'
  - Pang-opisinang panustos (office supplies), tulad ng mga resibo, stationery at papel o 'tape' para sa 'cash register'
  - Kagamitan sa negosyo at mga panustos, tulad ng sasakyan, kagamitan sa 'shop' at mga gamit na panglinis
- > Kayo ay magbabayad ng PST sa mga serbisyong may buwis na ginawa para sa mga makinarya at mga kagamitan na inyong ginamit sa inyong negosyo, kasama ang mga serbisyong may buwis para sa mga paninda na inyong pinadala sa labas ng probinsiya upang maserbisuhan.
- > Kayo ay magbabayad ng PST kapag kayo ay bumili ng serbisyong legal, karapatang mag-park ng sasakyan sa pangrehiyong serbisyong pang-transportasyon sa South Coast British Columbia Transportation Service Region at serbisyong pang-telekomunikasyon (hal. telepono at internet) para magamit sa inyong negosyo.
- > Kayo ay magbabayad ng PST sa halaga ng mga bagay-bagay na inyong kinuha mula sa inyong imbentaryo ng mga muling ipagbibili o binili para sa mga sumusunod na gamit:
  - mga bagay-bagay na pang-promosyon o ipinamigay upang makatulong na maanunsiyo (advertise) o mataguyod ang inyong negosyo
  - pampaliwanag o pampakita o pang-display na mga bagay-bagay kung ang mga ito ay hindi madaliang magagamit na pangbenta
  - mga pang-muwestra, patikim (samples), mga regalo at papremyo
  - mga polyetong paanunsiyo (advertising flyers)
  - donasyon sa mga kawang-gawa o iba pang organisasyon.
- > Kayo ay magbabayad ng PST sa halaga ng kahit anumang kinuha mula sa inyong imbentaryo ng mga muling ibebenta na gagamitin para sa inyong negosyo o sa pampersonal na gamit.
- > Pangkalahatan, kayo ay magbabayad ng PST sa mga bagay-bagay na inyong binili para lamang sa layuning ipaarkila o parentahan at sa kalaunan ay ginamit ng inyong sarili o pinayagang magamit ng mga empleyado. Kalkulahin ninyo ang PST na dapat bayaran sa bumabang halaga (depreciated value) ng bagay o 50% ng orihinal na presyo, kung alinman ang higit na mataas. Gayunpaman, maaaring hindi kayo hilinging magbayad ng PST sa bumabang halaga (depreciated value) kapag paminsan-minsan ay tinutustusan ninyo ang isang opereytor ng bagay na ito. Para sa impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 082**, *Mga Parenta at Paarkila ng Tangible Personal Property (Rentals and Leases of Tangible Personal Property)*.
- > Kayo ay magbabayad ng PST para sa mga kagamitan na inyong pansamantalang ipinasok sa probinsiya kung ang mga kagamitan ay namalagi sa probinsiya ng higit sa limang araw. Mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 098**, *Equipment Brought into the Province for Temporary Use (Mga Kagamitang Ipinasok sa Probinsiya para Pansamantalang Gamit) (1/3 Formula)*.

- > Kayo ay magbabayad ng PST para sa mga panindang may buwis na inyong gagamitin sa inyong negosyo na inyong binili mula sa inyong mga 'supplier'sa labas ng probinsiya. Kung ang nagbenta ay hindi naningil ng PST sa inyo, kalkulahan ninyo ng inyong sarili at bayaran ang PST na nararapat sa kabuuang halaga ng pagkapadala (total landed cost) ng mga paninda sa probinsiya. Ang kabuuang halaga ng pagkapadala (total landed cost) ay:
  - ang presyo ng pagkabili (sa dolyar ng Canada)
  - singil sa pagdideliber, pagbagahe (freight) o pagpapadala (shipping)
  - palitan (exchange), bayad sa adwana (customs), buwis (duties), pampederal na buwis sa mga partikular na paninda (excise tax), at
  - kahit ano pang ibang gastos o halaga na inyong binayaran upang matanggap ang mga paninda sa probinsiya (hindi kasama ang GST).
- > Kayo ay magbabayad ng PST sa presyo ng pagkaarkila ng mga panindang may buwis na gagamitin sa inyong negosyo na inyong inarkila sa nag-papaarkila (lessor) sa labas ng probinsiya. Kung ang nagpapaarkila ay hindi rehistrado na mangulekta ng PST, kayo ang kumalkula ng PST na nararapat bayaran para sa presyo ng pagkaarkila habang ang mga paninda ay nasa probinsya. Para sa karagdagang impormasyon sa mga pinamili o inarkila mula sa mga tagapagtustos sa labas ng probinsiya, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 043**, *Goods Purchased from Out-of-Province Suppliers (Mga Panindang Binili Mula sa mga 'Supplier' sa Labas ng Probinsiya)*.

Kapag kayo ang gumawa ng sariling kalkulasyon ng PST sa presyo ng paarkila ng mga panindang para gamit sa inyong negosyo o pampersonal na gamit, itala ang PST na nararapat bayaran sa Pangatlong hakbang (Step 3) ng inyong susunod na 'tax return' (**FIN 400**).

## MAYROON BANG 'INPUT TAX CREDITS' SA PST, KATULAD NG SA GST, PARA SA MGA PANINDANG GINAGAMIT NG ISANG NEGOSYO?

Wala. Walang 'input tax credits' na pinapayagan sa mga panindang pinamili ng isang negosyo. Ang PST ay kailangang bayaran sa lahat ng mga panindang ginamit ng negosyo, maliban sa ibang mga paninda na binili para maibentang muli.

## Paniningil at Pangungolekta ng PST

Kailangan ninyong maipakita ang PST na nakahiwalay sa lahat ng mga paktura (invoices) maliban sa pinagbilhan ng alak, na maaring maibenta na kasama ang buwis sa presyo. Kayo ay kumalkula ng PST hanggang sa pinakamalapit na sentimo, kung saan ang kalahating sentimo ay bubuun para maging isang sentimo.

### ANO ANG PST RATE?

| <b>Mga Bagay-bagay</b>                           | <b>PST Rate</b> |
|--|-----------------|
| Mga Paninda at Serbisyo                          | 7%              |
| Alak (alcohol)                                   | 10%             |
| <i>Sasakyang pampasahero:</i> mababa sa \$55,000 | 7%              |
| \$55,000 hanggang mababa sa \$56,000             | 8%              |
| \$56,000 hanggang mababa sa \$57,000             | 9%              |
| \$57,000 o higit pa                              | 10%             |
| Ibang mga sasakyang de motor at mga trailer*     | 7%              |

Ang singil (rate) ng buwis ay nagbabago. Tingnan ang kasalukuyang halaga sa aming website sa [www.sbr.gov.bc.ca](http://www.sbr.gov.bc.ca)

\* Tingnan ang **Bulletin SST 042**, *Mga Dealer ng Sasakyang de Motor*, para kung saan ang mga sasakyan ay hindi mga pampasaherong sasakyan, halimbawa, mga camper van, mga isang toneladang trak, at ilang mga takdang motorsiklo.

### KAILAN AKO DAPAT MANINGIL NG PST?

#### *Sa mga benta*

Kayo ay maniningil ng PST sa halaga o presyo ng pagkabili sa oras ng bentahan, kasama ang bentang pautang (sales on credit), maliban na lamang kung ang bagay o serbisyo ay may iksemsiyon sa buwis. Para sa karagdagang impormasyon sa mga paninda at serbisyong may iksemsiyon sa buwis, tingnan ang seksiyon sa itaas, **Alin ang Hindi Pinapatawan ng Buwis? (What is Not Taxable?) Halaga ng pagkabili (Purchase price)**

pakahulugan ay ang kabuuang halaga na dapat bayaran ng kostumer bago magmay-ari sa mga paninda at serbisyo, kasama ang iba pang singil, tulad ng transportasyon, pagpapadali ng pag-aasikaso (handling).

Kayo ay maniningil ng PST sa serbisyong pang-legal, karapatang mag-park o magparada ng sasakyan, mga serbisyong may buwis at serbisyong pangtelekomunikasyon kung kailan ang halaga ng pagkabili ay binayaran o maaring bayaran, alin man ang mauna.

Para sa impormasyon sa pagbebenta ng mga alak, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 094, *Liquor Sellers (Mga Nagtitinda ng Alak)***.

#### ***Sa mga Paarkila (paupa o 'rental')***

Kayo ay maniningil ng PST para sa kabuuang halaga ng paarkila kung kailan ang bawat upa ay binayaran o maaring bayaran, alin man ang mauna. *Halaga ng arkila (lease price)* pakahulugan ay ang kabuuang halaga na dapat bayaran ng isang umaarkila (lessee) sa bawat panahon ng renta (rental period) upang magkaroon ng karapatang magamit ang pag-aari, kasama ang iba pang isasaalang-alang, tulad ng paunang bayad (down payment), 'royalty' o bayad sa lisensya.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga paarkila at paupa (rentals), mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 082, *Rentals and Leases of Tangible Personal Property (Mga Paupa at Paarkila ng Tangible Personal Property)*** at **Bulletin SST 103, *Lessor of Motor Vehicles and Trailers (Mga Nagpapaarkila ng Mga Sasakyan at mga Trailers)***.

#### ***Sa mga kinumpol na bentahan o 'bundled sales' (pagbebenta na magkasama sa iisang presyo ang mga paninda o serbisyo na may buwis at gayundin ang mga walang buwis)***

Ang ganitong uri ng benta ay maaring mauwi sa iba't ibang pataw ng buwis depende sa presyo ng kumpol (bundle) at ng halaga (value) ng mga paninda o mga serbisyo na may buwis na nasa kumpol (bundle). Pangkalahatan, kung ang paninda o serbisyo na may buwis ay ikinumpol sa paninda o serbisyo na walang buwis at parehong nabenta sa iisang presyo, kayo ay dapat maningil ng PST sa kainamang halaga sa pamilihan (fair market value) ng bagay na may buwis.

Datapwat, mayroong mga pasubali (exceptions), kaya kung gagawa kayo ng ganitong uri ng pagbebenta, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 119, *Bundled Sales: Taxable and Non-Taxable Goods or Services Sold Together for a Single Price (Kinumpol na Bentahan: Mga Paninda at Serbisyo na May Buwis at Walang Buwis na Magkasamang Naibenta sa Iisang Presyo)***.

### **KAILANGAN BA NA MANINGIL AKO NG PST SA PAMPEDERAL NA BUWIS SA MGA PANINDA AT SERBISYO (GST)?**

Hindi. Kayo ay maniningil ng PST sa kabuuang presyo ng pagbebenta (selling price) ng paninda bago ang GST. Kasama sa kabuuang presyo ng pagbebenta ng paninda ang lahat ng mga singil na dapat bayaran ng kostumer bago ito magmay-ari ng mga paninda, ngunit hindi kasama ang GST.

### **KAILANGAN BA NA MANINGIL AKO NG PST SA MGA BENTA SA MGA HINDI RESIDENTE O MGA KOSTUMER NA TAGA-LABAS NG PROBINSIYA?**

Oo. Kayo ay maniningil ng PST sa mga benta o paarkila ng mga panindang may buwis sa mga hindi nakatira sa British Columbia at sa mga benta o paarkila sa labas-ng probinsiya, maliban kung ang isa sa mga sumusunod ay naaayon:

- > ipinadala ninyo ang panindang binili o inarkila sa koreo o sa ibang paraan patungo sa lugar na labas ng probinsiya
- > idiniliber ninyo mismo ang mga paninda sa lugar na labas ng probinsiya

Dapat ninyong itabi ang lahat ng inyong dokumento sa pagpapadala (shipping documents) at mga bayarin ng pagpapadala mula sa kompanyang magdidiliber (bill of lading) upang maipakita kung bakit hindi kayo naningil ng PST sa pagkabenta.

Kung kayo mismo ang naghatid o nagdiliber ng mga paninda sa lugar na labas ng probinsiya, kayo at ang inyong kostumer ay dapat kumpletuhin at pirmahan ang pormularyong *Iksensiyon sa mga Idiniliber sa Labas ng Probinsiya (Out-of-Province Delivery Exemption)* form (**FIN 448**). Itabi ang pormularyo para

sa inyong rekord. Kung ang kostumer ay nagmay-ari ng mga paninda sa British Columbia, o sila mismo ang nag-aayos ng kanilang pagpapahatid (delivery) maniningil kayo ng PST.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 007**, *Purchases of Vehicles by Non-Residents (Pagbili ng mga Sasakyan ng mga Hindi Residente)* **SST 030**, *Purchases by Non-Resident of British Columbia (Pagbili ng mga Hindi Residente ng British Columbia)* at **SST 051**, *Aircraft (Sasakyang Pang-himpapawid)*.

## **KAILANGAN BA NA MANINGIL AKO NG PST SA MGA BENTA SA GOBYERNO NG CANADA AT BRITISH COLUMBIA?**

Ito ay depende kung ang gobyerno ay pamprobinsiya o pampederal. Maniningil kayo ng PST sa lahat ng benta at paarkila sa Probinsiya ng British Columbia, maliban na lamang kung ang bagay o ang serbisyo ay may iksemsiyon sa buwis. Ang pamprobinsyal na gobyerno ay hindi nagbabayad ng pederal na GST.

Kayo ay hindi maniningil ng PST sa mga benta o mga paarkila sa pampederal na Gobyerno ng Canada, maliban kung ang ahensiya ay inatasan ng pampederal na gobyerno na magbayad ng PST; subalit, sila ay nagbabayad ng GST.

Para sa impormasyon sa pagbebenta sa pampederal na gobyerno na hindi mangungolekta ng PST, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 002**, *Sales and Leases to the Governments of Canada and British Columbia (Pagbebenta at Pagpaarkila sa mga Gobyernos ng Canada at British Columbia)*.

## **Pag-uulat at Pagpapadala o Pagre-remit ng PST**

### **GAANO KADALAS AKO MAKATATANGGAP NG MGA PORMULARYO NG 'TAX RETURN'?**

Itinatakda namin ang dalas ng inyong pag-uulat sa panahon ng inyong pagrehistro batay sa inaakala ninyong halaga ng PST na inyong makukulekta bawat buwan.

Ang panahon ng pag-uulat ay maaring buwanan, tuwing ika-tatlong buwan (quarterly), kalahating taon (semi-annual), taunan o pana-panahon (seasonal). Ang sulat na pinadala sa inyo, na kalakip ng inyong *Sertipiko ng Rehistrasyon*, ay nagsasabi sa inyo tungkol sa mga panahon ng inyong pag-uulat at kung kailan ninyo matatanggap ang inyong unang pormularyo ng *Social Service Tax Return* (**FIN 400**).

Kung ang halaga ng PST na regular ninyong nasisingil ay nagbago, maari naming baguhin ang dalas ng inyong pag-uulat. Ipapaalam namin sa inyo sa pamamagitan ng liham kung sakaling mangyari ito. Maari din kayong humiling sa amin na baguhin ang panahon ng inyong pag-uulat (reporting period); gayunpaman, ibatatay namin ang pagpayag sa halaga ng PST na regular ninyong nakukulekta.

### **KAILAN KO MATATANGGAP ANG AKING PORMULARYO NG 'TAX RETURN'?**

Ipinapadala namin sa koreo ang inyong mga 'tax return' humigit-kumulang mga apat na linggo bago ang inyong takdang petsa. Dapat ninyong matanggap ang 'tax return' palapit sa katapusan ng panahon ng inyong pag-uulat. Halimbawa, kung kayo ay nag-uulat nang buwanan, dapat kayong makatanggap ng 'tax return' bago matapos ang bawat buwan.

### **PAANO KO KUKUMPLETUHIN ANG AKING 'TAX RETURN'?**

Ang pormularyo ng 'tax return' (**FIN 400**) ay may worksheet sa likod na may kasamang instruksiyon sa bawat hakbang upang makuwenta ang halaga ng PST na kailangan ninyong ipadala o i-remit. Ito ay nagpapaubaya rin na matrabaho ninyo ang komisyon na inyong kinita. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa bawat bahagi ng pormularyo, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 032**, *Completing the Tax Return Form (Pormularyo ng Pagkukumpleto ng 'Tax Return')*.

### **PAANO KO KUKUWENTAHIN ANG AKING KOMISYON?**

Makuwenta ninyo ang inyong komisyon batay sa halaga ng PST na dapat kulektahin para sa panahon (period). Ang pinakamataas na maari ninyong makuha ay \$198. Ang talahanayan (table) sa ibaba ay

magpapakita sa inyo kung magkano ang maari ninyong makuha sa Kahon (Box) C ng inyong 'tax return'.

| <b>Kung ang halaga sa Box B ay:</b> | <b>Kung gayon, maari ninyong makuha sa Box C...</b>        |
|-------------------------------------|--|
| \$22.00 o kulang pa                 | Ang halaga na inyong nakulektang tax (ang halaga sa Box B) |
| \$22.01 hanggang \$333.33           | \$22.00  |
| Higit sa \$333.33                   | 6.6 % ng buwis na nakolekta sa Box B, hanggang sa \$198.00 |

Maari lamang kayong kumuha ng isang komisyon sa bawat isang 'legal entity' kahit na mayroon kayong marami pa sa isang lokasyon at nagpadala kami ng higit pa sa isang 'tax return' sa inyo. Maari ninyong kuwentahin ang inyong komisyon sa pinagsama-samang PST mula sa lahat ng lokasyon para sa naturang 'legal entity'. Maari lang kayong makakuha ng inyong komisyon kung ipinadala ninyo ang inyong 'tax return' at bayad nang nasa tamang panahon.

### **PAANO KUNG WALA AKONG BENTA O PST NA DAPAT IULAT?**

Kung wala kayong benta o PST na maiuulat para sa panahon ng pag-uulat, kailangan pa ring makumpleto at mapadala ninyo ang inyong 'tax return' sa tamang panahon. Isulat ang "0" o "NIL" sa angkop na lugar sa pormularyo. Ang mga institusyong pampinansiyal ay hindi mapoproseso ang mga NIL na 'tax returns'. Ang mga ito ay dapat na maipadala sa koreo o i-fax sa adres o numero na nasa pormularyo.

### **KAILAN DAPAT ISUMITE ANG AKING 'TAX RETURN'?**

Ang inyong 'tax return' ay dapat maisumite hanggang sa ika-23 na araw ng buwan kasunod ng pagtatapos ng panahon ng inyong pag-uulat (reporting period). Halimbawa, kung kayo ay nag-uulat para sa panahon na nagtatapos ng Hulyo 31, dapat matanggap ng ministri ang inyong 'tax return' hanggang Agosto 23. Ipini-print namin ang takdang petsa (due date) sa harapan ng pormularyo katabi ng malaking kulay itim na palaso (arrow).

Ang mga sumusunod na kondisyon ang dapat matugunan para ang inyong 'tax return' at mga bayad ay masabing natanggap sa tamang panahon.

- > Kung isinumite ninyo ang inyong 'tax return' at bayad sa pamamagitan ng koreo o kuryer (courier), ang mga ito ay dapat matanggap ng ministri bago magsara ang opisina (4:30 ng hapon) sa ika-23 na araw ng buwan kasunod ng pagtatapos ng panahon ng inyong pag-uulat.
- > Kung personal ninyong dinala ang inyong 'tax return' at bayad sa isang lokasyon ng ministri, isang Service BC Centre o sa isang institusyong pampinansiyal, ang 'tax return' ay dapat may tatak na petsa ng takdang araw o bago dumating ang petsang ito.
- > Kung ipinadala ninyo ang inyong 'tax return' at bayad 'online' sa pamamagitan ng isang institusyong pampinansiyal, kailangang may kamalayan kayo sa mga establisadong oras at petsa na itinakda (cut-off time) ng institusyong pampinansiyal upang masiguro na ang inyong 'tax return' at bayad ay matanggap ng ministri sa takdang petsa o bago dumating ito.
- > Kung idiniliber ninyo ang inyong 'tax return' at bayad sa buson na paghuhulugan pagkatapos ng oras ng opisina (after-hours drop box) ng ministri sa Victoria sa 1802 Douglas Street o sa mga partikular na Service BC Centres sa kabuuan ng probinsiya, kailangan itong matanggap sa pagsisimula ng opisina (8:30 ng umaga) kasunod ng takdang petsa upang masabing ito ay nasa tamang panahon.

Kung ang takdang petsa ay pumatak ng Sabado at Linggo o pista opisyal (statutory holiday) ng British Columbia, dapat matanggap ng ministri ang 'tax return' hanggang 4:30 ng hapon sa unang araw ng may pasok kasunod ng takdang petsa.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagri-remit ng inyong 'tax return', mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 012, Remitting Tax (Pagre-remit ng Buwis)**.

### **PAANO KUNG AKO AY NAHULI SA PAG-FILE NG AKING 'TAX RETURN'?**

Kung kayo ay nahuli sa pag-file ng inyong 'tax return' o hindi naipadala ang lahat ng PST na dapat bayaran, sisingilin namin kayo ng interes o tubo sa mga nahuli o matagal nang dapat bayarang halaga (overdue amounts) at maaring di payagan na makakuha ng anumang komisyon. Para sa karagdagang

impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 004, Penalty and Interest Charges For Overdue Tax Returns (Singil na Multa at Interes sa mga 'Tax Returns' na Matagal nang Dapat Bayaran)**.

## **PAANO KUNG HINDI KO NATANGGAP ANG AKING 'TAX RETURN' SA TAMANG ORAS?**

Kung hindi ninyo natanggap sa tamang oras ang inyong 'tax return', kailangan pa rin kayong magreport at ipadala ang PST sa tamang panahon. Maari kayong makakuha ng blangkong pormularyo na *Social Service Tax Return (FIN 400)* mula sa aming website. Maaari din ninyong ipagkaloob ang lahat ng istandard na impormasyon sa kopya ng pormularyo ng 'tax return' o sa malinis na papel (siguraduhin na isama ang numero ng rehistrasyon ng inyong PST).

**Pabatid:** Ang mga bangko ay hindi mapoproseso ang mga 'photocopy' ng 'tax return' o mga kopya na ipinrint mula sa aming website dahil ang pormularyo ay hindi kasama ang 'magnetic ink coding' na kinakailangan upang maproseso ang 'return'. Mangyaring ipadala sa koreo, fax o isumite ang kopya ng pormularyo ng 'tax return' nang personal sa isa sa mga lokasyon ng aming ministri o sa anumang Service BC Centre.

## **SAAN AKO DAPAT MAG-FILE NG AKING 'TAX RETURN'?**

### ***Elektroniko na pagpa-file at pagbabayad (e-filing)***

Maari ninyong ipadala ang inyong 'tax return' at bayad sa paraang elektroniko sa pamamagitan ng mga kalahok na institusyong pampinansiyal sa Canada. Kailangan kayong magpalista para sa serbisyong online na direktso sa inyong institusyong pampinansiyal. Para sa karagdagang impormasyon at listahan ng mga kalahok na institusyong pampinansiyal, mangyaring tingnan ang aming brosyur na ***Online na Pagpa-file at Pagbabayad ng Provincial Sales Tax (PST) [Online Filing and Payment of Provincial Sales Tax (Social Service Tax)]*** o makipag-alam sa inyong bangko upang malaman kung sila ay nag-aalok ng ganitong serbisyo.

### ***Institusyong Pampinansiyal (bangko, mga credit union, trust companies)***

Karamihan sa mga institusyong pampinansiyal sa Canada ay tumatanggap ng mga 'tax return' at mga bayad. Makipag-alam sa inyong bangko upang malaman kung sila ay nag-aalok ng ganitong serbisyo

### ***Mga lokasyon ng Ministri o ng Service BC Centres***

Maari kayong magbayad sa kahit saang opisina ng Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue) o Service BC – Government Agent. Mangyaring konsultahin ang mga kulay asul na pahina ng pangprobinsiyang gobyerno sa inyong direktoryo ng telepono para sa mga lokasyon sa inyong pook.

### ***Adres sa kuryer (courier address)***

*Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue)*  
1802 Douglas Street, Victoria BC V8T 4K6

*Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue)*  
Suite 800-360 West Georgia Street, Vancouver BC V6B 6B2

## **Mga Balik-bayad o 'Refund'**

### **MAAARI BA AKONG MAG-CLAIM NG 'REFUND' SA PST?**

Kung kayo ay nagbayad ng PST na may kamalian o sobra ang bayad sa PST, maari kayong mag-claim ng 'refund' sa buwis na naibayad. Maaasahan ninyo na ipoproseso namin ang inyong 'refund' sa paraang napapanahon, tulad ng nasasaad sa Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code). Maaari kayong mag-claim ng 'refund' sa loob ng apat na taon mula sa petsa ng pagkabayad ng buwis. Ang mga 'claim' sa halagang kulang sa \$10 ay hindi kwalipikado para sa 'refund.' Maaari ninyong i-claim ang 'refund' kung ang PST ay:

- > nabayaran na may pagkakamali sa mga paninda at serbisyo na may iksemsiyon
- > nasobrahan ng bayad dahil sa pagkakamali sa pagkukuwenta ng buwis na dapat bayaran
- > nabayaran para sa mga panindang nabili na ibebentang muli ng isang rehistradong tindero, o ng isang tindero sa panahon na nakapagitan sa pag-aaplay para sa at pagtanggap ng sertipiko ng rehistrasyon

- > nabayaran para sa mga panindang binili na ibebentang muli bago nag-aplay para makapagparehistro ang bumili
- > nabayaran para sa mga nakanselang bentahan
- > nabayaran sa mga hindi nasingsil na pautang (bad debts)
- > nasingsil at naipadala ng nagbebenta, subalit ang bumili ay nag-claim ng iksemsiyon sa kalaunan

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 008**, *Refunds of Overpayments of Tax (Balik-bayad sa mga Sobrang Ibinayad na Buwis)* at **Bulletin GEN 001**, *Refund of Tax Remitted on Sales Written Off as “Bad Debts” (Balik-bayad sa mga Isinumiting Buwis sa mga Pinagbentahan na Itinuturing na “Mga Utang na Hindi na Masingil)*.

## **MAARI BA AKONG MAGBALIK NG PST SA AKING MGA KOSTUMER?**

### ***Mga panindang isinauli sa loob ng 90 na araw***

Para sa mga panindang isinauli sa inyo sa loob ng 90 na araw matapos ang pagbenta (petsa ng pagkadeliber), ibalik ninyo ang PST na binayaran sa halaga ng pagkabilang presyo ng inyong kostumer.

Kung kayo ay naningil para sa muling pagi-imbak (restocking), kayo ay makakapag-refund ng PST sa bumabang halaga na inirefund sa inyong kostumer. Maari ninyong mabawi ang PST na inyong ini-refund sa inyong kostumer sa pamamagitan ng pagkuha ng ‘adjustment’ sa Step 4 ng inyong susunod na ‘tax return’ (**FIN 400**). Dapat ninyong itabi ang dokumentasyon sa inyong mga rekord upang masuportahan ang ‘adjustment’.

### ***Mga panindang isinauli pagkatapos ng 90 na araw***

Matapos ang mahigit na 90 araw, ang inyong kostumer ay kailangang mag-aplay sa Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue) para sa refund ng binayarang PST, maliban sa mga sasakyang de motor. Mayroong palugit sa 90 na araw na panahon ng pagsasauli na natatangi para sa mga sasakyang de motor, na ipinapaliwanag sa ibaba.

### ***Sasakyang de motor na isinauli sa loob ng isang taon***

Kapag ang kostumer ay nagsauli sa inyo ng sasakyan sa loob ng isang taon ng inyong pagkadeliber nito, ibalik ninyo ang PST sa halaga ng pagkabilang presyo na inyong ini-refund sa kanila. Kung ang kostumer ay nagsauli sa inyo ng sasakyan sa loob ng 90 na araw, maaari ninyong mabawi ang PST na inyong nai-refund sa inyong kostumer sa Step 4 sa inyong susunod na ‘tax return’, tulad ng nasa itaas.

Kung ang kliyente ay nagsauli sa inyo ng sasakyan matapos ang 90 days (pero sa loob ng isang taon), maari ninyong mabawi ang PST na inyong ini-refund sa inyong kostumer, alin man sa paggawa ng ‘internal adjustment’ sa inyong ‘account’ sa buwis o sa pamamagitan ng pagsumite ng pormularyo ng *Aplikasyon para sa Refund (Application for Refund)* (**FIN 413**). Para sa impormasyon sa paggawa ng isang ‘internal tax account adjustment’ sa inyong mga rekord, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 032**, *Completing the Tax Return Form (Pormularyo sa Pagkumpleto sa Tax Return)*.

### ***Sasakyang de motor na isinauli matapos ang isang taon***

Pagkatapos ng isang taon, ang inyong kostumer ay dapat mag-aplay sa Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue) para sa refund ng PST na binayad sa sasakyan. Ang pormularyo ng *Aplikasyon para sa Balik-bayad sa Buwis sa Serbisyong Panglipunan na Ibinayad sa Sasakyang de Motor (Application for Refund of Social Service Tax Paid on a Motor Vehicle)* (**FIN 413/MV**) ay makukuha sa aming website.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin SST 079**, *Service Charges, Trade-Ins and Returns (Singil sa Serbisyo, Ipinagpalit at mga Isinauli)*.

**Pabatid:** Ang refund ng buwis na binayaran ay hindi para sa paninda na ipinasok (trade-in) para sa bagong biniling bagay.

# Mga Libro at mga Rekord

## ANU-ANONG MGA REKORD ANG DAPAT NA INGATAN KO?

Dapat ninyong itabi ang mga libro at rekord na kailangan upang magkaloob ng detalye ng mga sumusunod:

- > lahat ng inyong mga benta at paarkila (may buwis at walang buwis)
- > ang halaga ng buwis na nakulekta, na-remit at komisyon nakuha
- > lahat ng inyong pinamili at inarkila para sa imbentaryo at para sa inyong sariling gamit

## GAANO KATAGAL KO DAPAT INGATAN ANG AKING MGA REKORD?

Dapat ninyong itabi ang mga libro, talaan at mga dokumento na may kaugnayan sa inyong negosyo ng limang taon. Maari ninyong sirain ang mga rekord na mas matanda sa limang taon ayon sa inyong pagpapasiya. Kung nais ninyong sirain ang kahit anong rekord na may kaugnayan sa pamprobinsyang buwis bago mag-limang taon, kailangan ninyo ng nakasulat na pahintulot mula sa Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue). Sumulat sa amin, alin man sa opisina sa Vancouver o sa Victoria (tingnan ang seksyon sa itaas, [Makipag-ugnayan sa Amin](#)).

**Pabatid:** Sa ilang pagkakataon, maaaring naisin ninyo na itago ang inyong mga rekord na may kaugnayan sa buwis ng mas mahabang panahon upang mapatunayan ang inyong karapatan sa isang iksemsiyon. Halimbawa, upang maging kwalipikado sa iksemsiyon sa mga 'assets' na nalipat sa pagitan ng mga magkaugnay na kumpanya (assets transferred between related companies), kailangan ninyo ng rekord na magpapakita na ang buwis ay nabayaran sa mga 'assets'. Kailangan ninyong ipagkaloob ang mga rekord na ito kahit na ang mga ito ay matagal pa sa limang taon.

## Mga Pagsusuri (Audits)



Kami ay nangangako na titiyakin ang inyong karapatan sa pantay na pagtrato, pagkapribado at pagkakumpidensiyal, tulad ng nakasaad sa Pagkamakatarungan sa *Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*.

### ANO ANG ISANG PAGSURI O 'AUDIT'?

Ang pagsuri (audit) ay isang pormal na pagsusuri ng mga pampinansiyal na rekord ng inyong negosyo upang masigurado na kayo ay nagbabayad, nangungulekta at nagri-remit ng buwis ayon sa batas, at upang matukoy ang anumang bahagi kung saan kayo ay maaaring nagkakamali sa paggawa nito.

Kung pinili namin ang inyong negosyo para sa isang pagsuri (audit), ang isang 'auditor' ay makikipag-alam sa inyo sa pamamagitan ng telepono o sulat upang maitakda ang oras na maluwa para sa magkabilang panig upang maisagawa ang 'audit'. Bago suriin ang inyong mga libro at rekord, tatalakayin ng 'auditor' sa inyo o inyong kinatawan, ang uri ng inyong negosyo, sistema ng 'accounting' at mga pangkaraniwang palakad o paraan (procedures) sa 'accounting'. Pag-uusapan din ang mga pamantayan sa pagseserbisyo at ang asal na maasahan ninyo sa amin, na nakasaad sa Pagkamakatarungan sa *Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*. Maari ninyong makita ang tipikal na proseso ng pag-audit sa maliit na negosyo na nakasaad sa apendiks ng *Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*.

### BAKIT AKO SINUSURI O INO-AUDIT?

Ang sistema ng pagbubuwis sa British Columbia ay tumatakbo sa prinsipyo ng kusang-loob na pagtalima (voluntary compliance). Bawat isa sa mga nagbabayad ng buwis ay may pananagutan para sa pagbayad ng buwis sa kanilang mga pinamiling may buwis, at pagkulekta at pagpapadala ng buwis nang tama at napapanahon.

Kung ang ilan sa mga nagbabayad ng buwis ay hindi nangungulekta at nagri-remit ng buwis o hindi nagbabayad ng buwis sa kanilang pinamili, lahat ay apektado. Ang mga pagsusuri (audits) ay nakatutulong upang masiguro na ang lahat ng nagbabayad ng buwis ay nagbabayad ng kanilang bahagi ng buwis, at upang maitaguyod ang isang patas na pamamalakad para sa lahat ng mga negosyo sa British Columbia.

## LAHAT BA NG NAGBABAYAD NG BUWIS AY SINUSURI (AUDITED)?

Oo. Kahit sino na nagbabayad ng buwis ay maaring suriin. Kasama dito ang mga indibidwal, mga taga-yari (manufacturers), nagbebenta ng maramihan (wholesalers) at nagtitingi (retailers) – malaki man o maliit.

Kung ang iyong negosyo ay nasa lugar na labas ng British Columbia at kayo ay nagsasagawa ng negosyo sa probinsiya, kayo ay sakop rin para masuri.

## ANO ANG HINAHANAP NG ISANG TAGASURI O 'AUDITOR'?

Ang isang 'auditor' o tagasuri ay naghahanap ng ebidensiya na kayo ay maayos na nangulekta at nag-remit ng PST sa inyong mga benta at paarkila, at nagbayad nang tama ng PST sa inyong mga pinamili o pinaarkila. Ang tagasuri o auditor ay magsisiyasat ng lahat o ilan sa mga sumusunod na bahagi habang nagsusuri.

- > Kayo ba ay nagpatong at nagkwenta ng PST nang tama sa mga benta o mga paarkila sa inyong mga kostumer?
- > Kayo ba ay nag-ipon (accumulate) ng PST na inyong kinulekta o sinuri ng inyong sarili sa isang 'tax account' at nagremit ng perang iyon sa probinsiya nang tama sa panahon?
- > Kayo ba ay nagbayad ng PST sa inyong mga may buwis na pinamili o inarkilahanang mga kagamitan at panustos (supplies) para sa inyong negosyo o pampersonal na gamit, kasama na ang mga panindang pinamili o inarkilahan mula sa labas ng probinsiya?
- > Ginamit ba ninyo nang hindi tama ang inyong numero ng rehistrasyon ng PST, SRN o isang *Sertipiko ng Iksemsiyon (Certificate of Exemption)* upang makabili ng mga paninda para sa inyong negosyo o pampersonal na gamit (hal: mga bagay na pangpromosyon o mga pangmuwestra o patikim (samples))?
- > Kayo ba ay gumawa ng sariling pagsusuri ng PST sa mga paninda na kinuha mula sa inyong imbentaryo ng mga paninda o pina-arkila para sa negosyo o pampersonal na gamit?
- > Kung mayroon kayong SRN, sarili ba ninyong inaseso nang tama ang PST?
- > Nairekord ba ninyo nang tama ang mga numero ng rehistrasyon ng PST o mga SRN ng inyong mga kostumer sa mga paktura (invoices) o nakakuha ng kinumpletong Sertipiko ng Iksemsiyon (Certificate of Exemption) para sa inyong rekord nang kayo ay gumawa ng iksemsiyon sa pagbenta o paarkila ng mga panindang may buwis?
- > Kayo ba ay nagtabi ng mga dokumentasyon upang maipakita kung bakit hindi kayo naningil ng PST sa mga benta na ipinadala o idiniliber ninyo sa labas-ng-probinsiya?

Ang tagasuri ay maaring tingnan ang kahit alin sa inyong mga rekord. Kadalasan, riribuyhin ng isang 'auditor' ang:

- > pampinansiyal na paglalahad (financial statements), katulad ng inyong isinaad na kinita (income statement) at 'balance sheet', kasali ang kahit anong iskediyul ng pagdagdag at pagbawas ng kapital (schedules of capital additions or deletions)
- > ang mga libro kung saan kinuha o hinango ang mga 'financial statements', tulad ng 'general ledger', mga dyornal ng pinamili o pinagbentahan (purchase or sales journals) resibo ng perang tinanggap (cash receipt) o dyornal ng pinaggastahan (disbursement journals), o kahit anong kombinasyon
- > mga makukuhaan ng dokumento, tulad ng mga resibo, paglalahad ng bangko (bank statements), mga tsekeng nakansela (cancelled cheques), mga resibo ng deposito, at ang 'tape' mula sa kaha (cash register)

## ANO ANG MANGYAYARI MATAPOS MAGSURI O MAG-AUDIT?

Kapag natapos ng 'auditor' ang pagsusuri, tatalakayin niya sa inyo ang resulta. Sa pag-uusap na ito, ang tagasuri ay:

- > magpapaliwanag ng resulta ng pagsusuri o pag-audit sa inyo
- > pagbabalik-aralan (review) at ipaliliwanag ang nilalaman ng mga papel ng ginawang pagsusuri (audit working papers)
- > magpapaliwanag kung bakit kayo ay tinasahan (assessed), kung ang kinalabasan ng pagsusuri ay isang pagtatasa at kung paano maiiwasan ang ganitong sitwasyon sa hinaharap
- > magpapaliwanag ng mga opsyon na maari ninyong pagpilian kung kayo ay hindi sang-ayon sa kinalabasan ng audit

- > magpapaliwanag kung paano makukuha ng 'refund' kung natuklasan niya na sobra ang binayad ninyong PST

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 009**, *Understanding Your Consumer (Tax Audit Pag-unawa sa Inyong Tax Audit Bilang Isang Konsyumer)*.

## Mga Interes at Multa

### MGA INTERES O PATUBO

#### *Mga patubo sa pagtatasa para sa dapat bayarang buwis*

Ang ministri ay naniningil ng interes o patubo sa lahat ng pagtatasa para sa buwis na dapat bayaran sa probinsiya. Ang interes ay tinatambalan (compounded) buwan-buwan at kinukwenta mula sa petsa kung kailan ang interes ay dapat bayaran o sa bilang ng araw simula ng huling pagkatambal (compounding) ng interes, kung ang 'compounding' ay nangyari na.

#### *Interes sa mga balik-bayad o 'refunds'*

Sa mga balik-bayad sa buwis na nabayaran dahil sa pagkakamali, kinakalkula namin ang interes mula sa petsa nang kayo ay nagbayad nang sobra, ibabawas ang unang 60 na araw na palugit bilang panahon ng pagpoproseso. Sa mga 'refund' kung saan kayo ay kailangang magbayad ng buwis at pagkatapos ay mag-claim ng 'refund', kinakalkula namin ang interes mula sa petsa kung kailan namin natanggap ang 'refund claim', o mula sa petsa kung kailan ninyo ipinagkaloob ang kinakailangang impormasyon upang ma-claim ang 'refund', ibabawas ang unang 60 na araw na palugit bilang panahon ng pagpoproseso

**Pabatid:** Ang halaga (rate) ng interes ay inaadyas o inaayos bawat ika-tatlong buwan (quarterly) ng bawat taon sa Oktubre 1, Enero 1, Abril 1 at Hulyo 1. Mangyaring makipag-alam sa amin para sa mga kasalukuyang halaga o 'rate'.

### MGA MULTA

Ang ministri ay hindi naniningil ng multa sa karamihan ng mga unang pagtatasa para sa mga buwis na dapat bayaran, kung hindi pa namin kayo natasahan sa parehong pagkakamali, o kung walang palatandaan na kayo ay may kaalaman sa pagkakautang na buwis (tax liability).

Para sa unang pagtatasa, kami ay magpapadala sa inyo ng isang liham pambabala o pabatid upang ipaalam sa inyo ang tamang aplikasyon ng buwis, at nagbibigay ng babala ng mga multa para sa patuloy na hindi pagtalima (non-compliance).

Ang 10% na multa ay para sa unang pagtatasa kung ang mga katotohanan ay nagpapakita na kayo ay may kaalaman sa dapat bayarang buwis (tax liability) pero hindi nag-remit o nagbayad ng buwis. Ang 10% na multa ay para sa mga susunod na pagtatasa para sa kaparehong pagkakamali kung kami ay nakapagbigay-alam na sa inyo noong una ng tamang aplikasyon ng buwis.

Ang 25% na multa ay ipapataw lamang kung mayroong dokumento na nagpapatunay na kayo ay sadyang umiiwas sa buwis sa pamamagitan ng mali o hindi totoong paglalahad (false statement), sa pamamagitan ng sadyang di pagbabayd (willful default) o sa pamamagitan ng pandaraya (fraud).

Ang 100% na multa ay ipapataw lamang kung kayo ay sadyang hindi nagremit ng buwis na kinukulekta para sa probinsiya. Halimbawa, kayo ay patuloy na nangungulekta ng buwis at sinasadya na hindi nag-uulat at nagri-remit ng buwis na kinulekta, o sadyang alam na binababaan ang inilalahad na buwis na nakulekta.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 004**, *Penalty and Interest Charges For Overdue Tax Returns Mga Multa at Interes (Para sa mga 'Tax Returns' na Matagal nang Dapat Bayaran)* at **GEN 005**, *Penalty Policy for Assessments of Tax Due (Panuntunan sa Multa para sa mga Pagtatasa ng Buwis na Dapat Bayaran)*.

# Apila sa mga Pagtatasa ng Buwis o sa mga Balik-bayad o 'Refund' na Hindi Pinayagan



Kayo ay makatatanggap ng nakasulat na desisyon sa inyong apila sa napapanahong paraan, tulad ng nakasaad sa Pagkamakatarungan sa *Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*.

## ANO ANG AKING MGA KARAPATAN?

Kung kayo ay hindi sang-ayon sa pagtatasa ng mga buwis, interes o mga multa o sa hindi pagpayag o pagbababa ng inyong claim para sa 'refund', may karapatan kayong umapila nang direktso sa Ministri ng Maliit na Negosyo at Pagbubuwis (Ministry of Small Business and Revenue). Kung kayo ay hindi nasiyahan sa kinalabasan ng inyong apila, maaari kayong umapila sa korte. Ang batas ay nagpapasunod ng taning na panahong limitasyon (time limits) para sa pasusumite ng apila.

## MGA APILA SA MINISTRO

- > Ang minister ay dapat matanggap ang inyong *Pabatid ng Apila (Notice of Appeal)* sa loob ng 90 na araw matapos ang petsa ng *Pabatid ng Pagtatasa (Notice of Assessment)* o pabatid ng hindi pinayagang 'claim' ng 'refund'.
- > Ang inyong pabatid ay dapat nakasulat at malinaw na nagsasaad ng mga dahilan ng inyong apila. Isama ang lahat ng mga katotohanan at ibang mga nagsusuportang dokumentasyon na kaugnay dito.
- > Ang pabatid ay dapat naka-adres sa:  
Ministry of Small Business and Revenue  
PO Box 9445 Stn Prov Govt, Victoria BC V8W 9V5

Kapag natanggap ng minister ang inyong pabatid, ito ay isasangguni sa Appeals and Litigation Branch. Ang Appeals and Litigation Branch ay pag-aaralang muli ang lahat ng apila sa ministero at magpapadala sila ng sulat sa inyo upang ipaalam ang pagkatanggap ng inyong apila. Pagbabalik-aralan muli ng isang 'appeals officer' ang inyong apila at ang posisyon ng ministri, at gagawa ng isang rekomendasyon sa minister. Maaari ninyong pag-usapan ang inyong apila sa 'appeals officer' bago sila gumawa ng kanilang rekomendasyon.

Kapag natapos ng Appeals and Litigation Branch ang kanilang pagbabalik-aral o ribyu, ang minister ay personal na bibigyan ng konsiderasyon ang inyong apila at gagawa ng isang desisyon. Kayo ay makatatanggap ng nakasulat na pabatid ng desisyon ng minister sa paraang napapanahon, tulad ng nakasaad sa Pagkamakatarungan sa *Nagbabayad ng Buwis at Alituntunin sa Pagseserbisyo (Taxpayer Fairness and Service Code)*. Kung hindi kayo nasiyahan sa desisyon ng minister, maaari kayong umapila sa Korte Suprema ng British Columbia (Supreme Court ng British Columbia). Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 003**, *Appeals of Tax Assessments or Disallowed Refunds (Mga Apila ng Pagtatasa ng Buwis o Hindi Pinayagang 'Refund')*.

## Kusang-loob na Pagsisiwalat ng mga Utang na Buwis

Kapag kayo ay kusang-loob na nagsiwalat ng inyong mga utang na buwis sa ministri, kayo ay hindi mapapatawan ng multa o pag-uusig kung ang mga sumusunond na kondisyon ay natugunan:

- > kayo ay kusang-loob na nagsiwalat o naglantad ng mga utang na buwis na dapat bayaran,
- > kayo ay nagbayad ng matagal nang dapat bayarang halaga (overdue amount) na kasama ang interes, o kayo ay gumawa ng kasiya-siyang pakikipag-ayos para sa pagbabayad, at
- > kayo ay hindi pa nakokontak ng ministri para sa layunin na magsagawa ng pag-audit, inspeksiyon o pagkulekta ng buwis bago kayo gumawa ng pagsisiwalat na ito.

Upang makagawa ng pagsisiwalat, sumulat ng isang liham na humihiling ng konsiderasyon para sa kusang-loob na pagsisiwalat. Kung wala kayo ng lahat ng detalye ng inyong pagkakautang sa buwis (tax liability) sa panahon nang kayo ay humiling ng konsiderasyon, maaari ninyong sabihin na inyong ipagkakaloob ang mga detalye sa mga darating na petsa. Ipadala ang inyong liham sa:

Inspection Section  
Consumer Taxation Audit Branch  
Suite 800 - 360 West Georgia Street, Vancouver BC V6B 6B2

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang **Bulletin GEN 005, Penalty Policy for Assessments of Tax Due (Panuntunan ng Multa para sa Pagtatasa ng mga Dapat Bayarang Buwis)**.

## Iba pang Programa ng Ministri na may Epekto sa Inyong Negosyo

### BUWIS SA KINITA O 'INCOME' (INCOME TAX)

Para sa impormasyon sa aming ibat ibang programa sa buwis mula sa kinita, bisitahin kami sa [www.sbr.gov.bc.ca](http://www.sbr.gov.bc.ca) o tawagan kami sa mga sumusunod na numero.

|                                       |              |
|---------------------------------------|--------------|
| Corporation Capital Tax .....         | 250 953-3082 |
| Insurance Premium Tax .....           | 250 953-3082 |
| International Financial Activity..... | 250 953-3082 |
| Logging Tax .....                     | 250 953-3082 |

### MGA KREDIT SA BUWIS SA KINITA (INCOME TAX CREDITS)

|   |              |
|---|--------------|
| Book Publishing Tax Credit.....                                   | 250 387-3332 |
| Film & Television Tax Credit.....                                 | 250 387-3332 |
| Mining Exploration Tax Credit.....                                | 250 387-3332 |
| Mining Flow Through Share Tax Credit.....                         | 250 387-3332 |
| Production Services Tax Credit .....                              | 250 387-3332 |
| Scientific Research & Experimental<br>Development Tax Credit..... | 250 387-3332 |
| Venture Capital Tax Credit .....                                  | 250 387-3332 |

Para sa iba pang impormasyon sa 'federal income tax credits' o ang GST, bisitahin ang Canada Revenue Agency sa [www.cra-arc.gc.ca](http://www.cra-arc.gc.ca)

### BUWIS SA ARI-ARIAN O 'PROPERTY TAX'

Kung kayo ay umuupa o nagli-lease ng lupa at ang pag-uulit (renewal) ng inyong 'lease' ay mahaba sa 30 taon, maaari na ang buwis ng paglilipat ng ari-arian (property transfer tax) ay maipatong. Para sa mga katanungan tungkol sa mga 'lease' o pagpapaupa, mangyaring tawagan kami sa 250 387-0604 sa Victoria o tumawag sa Service BC nang walang bayad (toll-free) sa 1 800 663-7867 at hilingin na mailipat ang tawag sa amin. Maari din kayong mag-email ng inyong mga katanungan sa [ruraltax@gov.bc.ca](mailto:ruraltax@gov.bc.ca)

Para sa impormasyon sa mga buwis ng paglilipat ng ari-arian (property transfer tax) o ng buwis para sa pangkalahatang ari-arian (general property tax) at mga iksensiyon, bisitahin kami sa [www.sbr.gov.bc.ca](http://www.sbr.gov.bc.ca)

## Mga Dagdag pang Makapagkukunan ng Impormasyon para sa Maliit na Negosyo

Ininama namin ang ibang mga websites na partikular na kapaki-pakinabang sa mga negosyong bago.

OneStop Business Registry – [www.bcbusinessregistry.ca](http://www.bcbusinessregistry.ca)

British Columbia Chamber of Commerce – [www.bcchamber.org](http://www.bcchamber.org)

British Columbia's Ministry of Economic Development – [www.gov.bc.ca/ecdev](http://www.gov.bc.ca/ecdev)

Canada Revenue Agency (GST) – [www.cra-arc.gc.ca](http://www.cra-arc.gc.ca)

Canadian Federation of Independent Business (CFIB) – [www.cfib.ca](http://www.cfib.ca)

Community Futures Development Association of British Columbia –  
[www.communityfutures.ca/provincial/bc](http://www.communityfutures.ca/provincial/bc)

Investment Capital Programs – [www.equitycapital.gov.bc.ca](http://www.equitycapital.gov.bc.ca)

Ministry of Small Business and Revenue – [www.gov.bc.ca/sbr](http://www.gov.bc.ca/sbr)

Retail BC – [www.retailbc.org](http://www.retailbc.org)

Retail Council of Canada – [www.retailcouncil.org](http://www.retailcouncil.org)

Service BC Centres – [www.servicebc.gov.bc.ca](http://www.servicebc.gov.bc.ca)

Small Business BC – [www.smallbusinessbc.ca](http://www.smallbusinessbc.ca)

2010 Commerce Centre – [www.2010commercecentre.com](http://www.2010commercecentre.com)

### **MGA PAGKILALA (ACKNOWLEDGEMENTS)**

Nais naming kilalanin at pasalamatang ang mga sumusunod na organisasyon sa kanilang pakikilahok at tulong sa pagbuo ng patnubay na ito.

*British Columbia Chamber of Commerce*

*Canadian Federation of Independent Business*

*Greater Victoria Economic Development Commission*

*Retail BC*

*Retail Council of Canada*

*Small Business BC*

Pinasalamatang namin ang Multicultural Helping House Society para sa kanilang tulong sa pagrebyu ng isinalin na dokumentong ito.

# Small Business Guide

*to Provincial Sales Tax (PST)*

*isang pagsasamahan ng sama-samang pagtatrabaho*



[Filipino]